

*Isa, Banal, Katoliko Apostoliko at Palmaryanong Simbahan*  
**Banal na Apostolikong Pamunuan**  
**El Palmar de Troya**



**Pinakamahalagang mga Mensaheng ibinigay sa Seer  
Clemente Domínguez y Gómez, ngayon Papa  
San Gregoryo XVII ang Napakadakila, para makatulong na  
maunawaan ang Gawain ng El Palmar at  
Mga Propesiya tungkol sa Dakilang Papa Gregoryo XVII**  
*Patriarkado ng El Palmar de Troya*  
*Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha*

**Pinakamahalagang mga Mensaheng ibinigay sa Seer  
Clemente Domínguez y Gómez, ngayon Papa  
San Gregoryo XVII ang Napakadakila, para makatulong na  
maunawaan ang Gawain ng El Palmar at  
Mga Propesiya tungkol sa Dakilang Papa Gregoryo XVII**

---

***Ika-6 ng Enero 1970***

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

**Ang Imakuladang Paglililihi**

“Makikita mo ang araw na kung saan ang lahat ng ito ay mapupuno ng mga perigrino mula sa bawa’t bansa. **AKING MGA ANAK: KAYO AY NASA PINAKADAKILANG LUGAR NG MGA APARISYON SA MUNDO.** Ang ganoon ay hindi pa naganap at hindi na muling magaganap. Ang Sagradong Lugar na ito ay laging napapaligiran ng mga nasa Langit, dahil ito ay inihanda para sa kaligtasan ng mundo. Ang iba sainyo ay hindi naiisip ang transendensiya ng Lugar na ito. Dahil sa tanging dahilan ng pagdating ng Aking Anak, ito ay isa nang sentro ng pagbabayad. Aking mga anak, ang himala ay napakalapit na. Walang ibang himala ang magagawa sa iba pang mga aparisyong nang tulad nito.”

***Ika-15 ng Marso 1970***

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

**Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Aking mga anak: **SA MADALING PANAHOON, SA LALONG MADALING PANAHOON, AY MAKIKITA NINYO ANG PINAKAMALAKING KAGANAPAN, NA MAKIKITA NG INYONG SARILING MGA MATA ANG MGA KABABALAGHAN NI MARIA ANG AKING INA.** Ang lahat ay hahanga sa Dakilang Bisyon na magkakaroon sila. Lagi nilang maaalaala ito bilang pinakadakilang kaganapan sa kanilang buhay. Iyon ang magiging tamang panahon para sa kumbersyon ng maraming mga makasalanan, ang may sakit ay gagaling, at sa pamamagitan ng Aking Ina ang maraming umiwan at ang ibang kahit kailan ay hindi ko nakasama ay pupunta sa Akin. Subali’t sa pamamagitan ng Aking Ina ay mauunawaan nila na Ako ang Anak ng Kataas-taasan.

Aking mga anak: Ang sasabihin Ko sainyo ngayon ay malungkot: **SA PAGKAMATAY NG AKING KASALUKUYANG BIKARYO, ANG PAGKAKAWATAK-WATAK AY MAGAGANAP. MAGKAKARON NG MALAKING KALITUHAN.”**

(Ang Panginoon ay tinutukoy ang pangkalahatang pag-apostata ng Romanong Simbahan at ang pagkakatalaga ng mga antipapa sa Batikano.)

***Ika-5 ng Septyembre 1970***

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Unang Sabado ng buwan. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

**Ang Imakuladang Puso ni Maria**

“Aking mga anak: ang freemasonry ay nakapasok na sa maraming mga herarkiya ng Simbahan.”

### ***Ika-29 ng Septyembre 1970***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Si Arkanghel San Miguel ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Arkanghel San Miguel**

“Dumating ako bilang Mensahero ni Hesus at ni Maria. Ang parusa ay malapit nang dumating sa lahat ng panahon. Ang mga Obispo ay walang ginagawang tunay na reporma. Sa karamihan sa kanila ay nagkakaisa sila sa pag-atake sa mga Aparisyon. Ang lahat ng gayong mga lugar ay nilalabanan ng herarkiya ng Simbahan, at ang ganoong asal ay katumbas ng pag-utos kay Hesus at kay Maria na manahimik. Kaming mga Anghel ay nakahanda nang parusahan ang napakasamang sangkatauhan sa utos ng Ama.

Ang Espanya ay hindi nakinig at tumugon nang nararapat sa mga Mensaheng ibinigay sa Garabandal. Sa kabaliktaran, ang mga Espanyol ay lalo pang sumama. Ang Ama sa Langit ay patuloy na tinutukoy ang Espanya. Nais Niyang iligtas ito. Kaunting oportunidad na lamang ang nalalabi ngayon. Ngayon na lamang ang oras ng panalangin at penitensya.

Si Hesus at si Maria ay ipinadala ako para sabihan ang Espanya na ang digmaan ay malapit nang magsimula.” *(Si Clemente ay nagkaroon ng bisyon ng isang nakapanghihilakbot na digmaan sa Espanya. Ang isa sa mga naroon ay nagsabi: “Dapat makita ng mga Obispo ito para maniwala sila.” Subalit ang Mensahero mula sa Langit ay sumagot:)* “Sino ang tao para hingin ang anuman mula sa Diyos! Tanging sa pamamagitan ng dalangin at sakripisyo ay makikita ang Liwanag, at doon sa mga humihingi nang may kababaang-loob para sa patunay ay makatatanggap ng mga ito, sapagka’t nais ng Diyos na ibigay ito sa kanila. Binabasbasan ko kayo.”

### ***Ika-23 ng Nobyembre 1970***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakitang umiiyak, nagdurugo ang Mukha, at si Clemente Domínguez ay tinanong Siya: ‘Bakit ka umiiyak, Panginoon?’ At sumagot Siya:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

**“AKO AY UMIIYAK PARA SA ESPANYA. MATATANGGAP NIYA ANG KANYANG KAUKULANG MGA PARUSA. BINABALE-WALA NILA ANG MGA MENSAHENG IBINIBIGAY NG AKING INA AT IBINIBIGAY KO. SA LALONG MADALING PANAHON ANG TERIBLING PAGKAKAWATAK-WATAK AY DARATING.** Subalit, magkanlong kayo sa ilalim ng Banal na Kapa ng Aking Pinakabanal na Ina, at matatagpuan ninyo ang Liwanag, ang Daan at makikita ninyo kung saan matatagpuan ang Papa.”

### ***Ika-8 ng Pebrero 1971***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

**“SA NGAYON SI SATANAS AY NASA BATIKANO AT NAMUMUNO SA SIMBAHAN, DAHIL MAY MGA OBISPONG ANG BUONG AMBISYON AY SIRAIN ANG SIMBAHAN, SUBALI’T HINDI SILA MAGTATAGUMPAY, AKO AY MANANATILI SA AKING SIMBAHAN HANGGANG SA KATAPUSAN NG PANAHON.**

Ang ibang mga Pagpupulong ng mga Obispo ay kinasusuklaman Ko. Sa halip na magturo ng Ebanghelyo, ay sinisira nila ito at nagiging sanhi upang ang tupa ay mapariwara. Sa isang Pagpupulong

ng Katolikong mga Obispo, paano nila posibleng kuwestiyunin ang Aking Pagkadiyos, ang Aking Tunay na Presensiya sa Eukaristiya, ang mga Dogma ni Maria? Ang tanging bagay na nais ng mga obispong iyon ay lituhin ang mananampalataya.

Maghanda kayo, Aking mga anak. Magkaisa kayo sa ilalim ng Kapa ng Pinakabanal na Birheng Maria, **DAHIL ANG ANTIPAPA AY GUGULATIN ANG SIMBAHAN NANG KATAKUT-TAKOT.** Tanging sa panalangin at patuloy na pagtawag sa Kanya na Unibersal na Tagapamagitan ng lahat ng mga grasya at mga prebilihiyo kayo ay makasusunod sa tunay na Papa.”

#### ***Ika-24 ng Pebrero 1971***

---

*(Barcelona, Espanya. Isang pribadong tahanan. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Carmel**

“Ang Aking Banal na Anak ay pinaaalalahanan kayo na Siya ay mananatili sa Simbahan hanggang sa katapusan ng panahon; na nangangahulugang ang pagkasira ng Roma ay hindi nagpapahiwatig ng pagkasira ng Simbahan, na mananatili hanggang sa Katapusan ng Panahon.”

#### ***Ika-25 ng Abril 1971***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Divina Pastora:**

“Aking mga anak: Dumating Ako bilang Divina Pastora para dalhin kayo lahat sa Sakramental na Hesus, sa oras na ito ng kadiliman kung saan Siya ay labis na winawalang-halaga, sa oras na ito kung saan ang Tunay na Presensiya ni Kristo sa Sagradong Eukaristiya ay tinatanggihan.

O Aking mga Anak! **HINDI MAGTATAGAL ANG BIKARYO NI KRISTO, ANG MARTIR NG BATIKANO, PABLO VI, ANG ANAK NG AKING PUSO, AY MATATAPOS ANG KANYANG MISION, AT SAKA ANG ISANG ANTIPAPA AY DARATING.** Marami sa mga anak ng Simbahan ay maniniwalang ang antipapa ay ang tunay na Papa; magtuturo siya ng erehya, sa malas ay sisirain niya ang Simbahan. Marami ang magsasabi: Dapat kaming sumunod sa Herarkiya. Subalit kakausapin Ko ang Aking mga anak at ipahahayag ang mga mali, at papastulan Ko kayo.”

#### ***Ika-30 ng Hulyo 1971***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“O mga Pastol ng Aking Simbahan! Ano ang ginagawa ninyo? Nais ba ninyong sirain Siya? Subali’t hindi ninyo magagawa, dahil Ako ay nasa Aking Simbahan at tutulongan Ko Siya. **NAPAKASAMANG MGA OBISPO ANG NAMUMUNO SA AKING SIMBAHAN NGAYON, DAHIL ANG ORAS NG KAPANGYARIHAN NG KARIMLAN AY DARATING NA.** Nguni’t, tulad ng ginawa Ko sa Aking Unang Pagdating, **ITATAPON KO KAYO,** kasama iyong mga lumihis, at ipakikita ang Aking mga misteryo sa mga pulubi, sa mga inalisan ng mana, sa mga mababa ang kalooban at sa mga mangmang; at sila ay uupo sa bangkete sa mga pangunahing lugar.

**NAIS KONG ANG MENSAHENG ITO AY IPAHAYAG SA LAHAT NG BAHAGI NG MUNDO.”**

#### ***Ika-27 ng Septyembre 1971***

---

*(Bologna, Italya. Basilika ni Santo Domingo. Libingan ng Santo. Aparisyon at Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria sa ilalim ng titulo ng Rosaryo**

“Hindi magtatagal ang isang antipapa ay maghahari, ang pagkalito ay magiging terible. Ang tunay na Papa ay hindi magkukulang, subalit maraming panalangin ang kinakailangan para makita ang liwanag.” *(Ang Mensaheng ito ay personal na iniabot ng seer noong ika-29 ng Septyembre 1971, kapisthan ni San Miguel Arkanghel kay Kardinal Ottaviani, kasama si Manuel Alonso Corral at ang isang babae mula sa Barcelona bilang mga testigo. Tinanggap kami ng Kardinal sa kanyang opisina, at siniguro sa amin ng tatlong ulit na ang Mensahe ay makararating sa mga kamay ng Santo Papa. Ang seer ay sinabi sa kanya ang tungkol sa nilalaman, kung saan ay sumagot ang Kardinal: “Malungkot na hinaharap, tulad ng sa La Salette”: dahil sa La Salette ang mga masasamang darating sa Simbahan sa mga panahong ito ay napropesiya na.)*

### **Ika-26 ng Enero 1972**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Pinakabanal na Birhen ng Carmel ay nagpakita kay Clemente Domínguez kung saan ang Batang Hesus ay nasa Kanyang mga bisig, na binasbasan ang lahat ng naroon. Ibinigay Niya ang Batang Hesus sa seer, at ang lahat ay humalik at sumamba sa Kanya. Bandang alas 11:20 ng gabi, Ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita kay Clemente. Ang Kanyang mga Sugat ay nagdurugo. Ang lahat ay humalik sa mga Sugat sa Kanyang mga paa. At ang Panginoon ay nilagyan sila ng tanda sa kanilang mga noo sa pamamagitan ng kanyang Dugo, isa-isa, idinadampi rin ang ilang banal na mga bagay sa Kanyang Dugo; na nilunok pagkaraan ng seer na tinanggap ito sa kanyang bibig. Pagkaraan ang Panginoon ay ibinigay kay Clemente ang sumusunod na Mensahe, sa paligid Niya ay lumitaw ang ilang bilang ng mga tupa na hinipo ng Panginoon.)*

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Pinakamamahal Kong mga anak ng Aking Puso: **KAYO AY NABUBUHAY SA MALUNGKOT NA ORAS PARA SA SIMBAHAN. KAYO AY NABUBUHAY SA PASYON NG SIMBAHAN, ITO ANG ORAS NG KAPANGYARIHAN NG KADILIMAN. ITO ANG ORAS NG KALABUAN. ITO ANG ORAS NG KARIMLAN. ITO ANG ORAS NI SATANAS. O, ANG AKING SIMBAHAN AY SUMUSUNOD SA BAWA’T BUGSO NG HANGIN, PARA BANG SIYA AY NAWAWALA SA KANYANG LANDAS, SA KANYANG LAYUNIN!** Kaawa-awang Simbahan! Itinatag ng Aking Dugo na ipinadaloy sa Kalbaryo. Subalit marami sa Kanyang mga kasapi ay kurapto, materyalistik. Ang Simbahan ay nagdaraan sa isang teribleng oras. Pinagtatalunan nila ang lahat. Pinagtatalunan nila ang tungkol sa Aking Tunay na Presensya sa Eukaristiya; kinikuwestyon nila ito na para bang hindi pa ito dati nang dogma na labis nang nadequina! Inilalagay nila sa pagduda ang Aking Maluwalhating Muling Pagkabuhay. Ang iba ay nagsasabi na hanggang sa Ako ay muling nabuhay, ay hindi ko pa nakakamtan ang Pagkadiyos. Kaawa-awang mga tanga na nagsasabi ng ganoong kawalang kwenta! Ang iba ay ikinakaila ang Aking Ikalawang Pagdating sa Mundo na may Dakilang Kapangyarihan at Kamahalan, sinasabing ang ibig daw sabihin nito ay ang indibidwal na pagdating sa oras ng kamatayan. Mga baliw, at malala pa sa mga baliw! Ang Aking Pagbabalik ay perpektong malinaw sa Ebanghelyo. Ngayon ang lahat ay kinikuwestyon at, ang mas masakit pa, ng mga taong konsagrado sa Akin. Iyan ang nagdudulot ng Pagkorona ng Tinik sa Akin; iyan ang nagdudulot ng mga sampal sa Aking Banal na Mukha, at naglalagos sa Aking mga kamay at Aking mga paa.”

### **Ika-9 ng Marso 1972**

*(Sevilla. Pribadong bahay. Ang Pinakabanal na Birhen ng Bundok ng Carmel ay nagpakita sa seer na si Clemente Domínguez, at ibinigay sa kanya ang Batang Hesus na hinalikan ng mga naroon. Pagkaraan ang Panginoon ay nagpakita na nakalilang bata, at ibinigay ang sumusunod na Mensahe:)*

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“O Aking anak, ang Simbahan ay nagiging lalo pang lumalabo, mas lalo pang naglalaho! Ang Roma ay naging prostityut. Ang Roma ay yumayakap sa mga kaaway ng Simbahan. Ang Roma ay nakikipagkasundo kay Satanas mismo. Ang Roma ay bumagsak na. May mga obispo sa Batikano na may 33<sup>rd</sup> degree freemasonry. At ang mundo ay nakahalukip. Ang mga anak ng Simbahan ay napapariwara dahil sa maraming mga naliligaw na mga pastol.

**AKO ANG MABUTING PASTOL.** Anong klase ng pastol ang pumapayag na mapariwara ang kanyang mga tupa? Hindi niya ba pinapangalagaang mabuti ang mga ito sa paligid niya? Ang mabuting pastol ba ay hinahayaang ang kanyang mga tupa ay patnubayan ng mga lobo? Kung ganoon, sa pagtupad ng Aking misyon bilang Mabuting Pastol, binabalaan Ko kayo sa masamang mayroon sa Simbahan. Aking maliliit na mga anak: Ngayon, higit kailan man, matatag kayong kumapit sa Bato, ang Papa. Ngayon, higit kailan man, maging alerto kayo sa boses ng Papa, dahil maraming mga Obispo ay hindi niya kaisa. Sinasabi Ko sainyo nang tuwiran, hindi kayo maaaring sumunod sa isang Obispo kung siya ay hindi kaisa ng Papa. **ANG PAPA AY LAGING SI PEDRO, AT SI PEDRO AY ANG SIYANG NAMUMUNO SA SIMBAHAN.**

**AKO AY MANANATILI SAINYO HANGGANG SA KATAPUSAN NG PANAHON.** Subali’t ang Aking Tunay na Simbahan ay magiging napakatago at napakainuusig, at ang parisaikal na Simbahan ay lubos na kikilalanin ng lahat ng mga Estado at susunod sa mga landas ng Antikristo.

**GAYUNMAN, HUWAG KAYONG MALIGALIG. NASA INYO ANG AKING PINAKABANAL NA INA BILANG BANAL NA PASTORA.** Papatnubayan Niya kayo, at ang tunay na Barko ay hindi lulubog, subalit patuloy na maglalayag sa ibabaw ng tubig, matibay, matapang, at magbibigay ng maraming mga martir na gugulat sa sangkatauhan: ang Simbahan ng Maryanong mga Apostoles.”

### **Ika-9 ng Mayo 1972**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

**“ANG ORAS AY DUMATING NA PARA MAGSALITA NG MALINAW, PARA ISIGAW SA APAT NA DIREKSYON NG HANGIN AT HUBARAN NG MASKARA ANG MGA PARISEO, DAHIL KUNG HINDI ANG MGA TUPA AY SUSUNOD SA MALI.**

Ngayon, sa kalituhang ito sa Simbahan, alam ninyo na may huwad na mga Pastol, huwad na mga doktor; na ipinasok ang kanilang mga sarili sa Simbahan para paguhuin ito. Alam ninyo rin na mayroon ding tunay na mga pastol at tunay na mga doktor; na mayroon ding banal na mga pastol at banal na mga doktor. Nguni’t nasaan sila? Kailangan ninyong hanapin sila at kung minsan ay kinakailangan pa ninyong gumamit ng lente. Mayroong kaunti, nguni’t makikilala lamang ninyo sila sa pamamagitan ng pagdarasal at paghingi ng Liwanag ng Espiritu Santo para makita ang katotohanan. **MAYROONG IBANG MABUTING MGA PASTOL NA ITINATABOY AKO NG MAS PA SA MASAMANG MGA PASTOL, DAHIL SILA AY MAS MALALA, MGA DUWAG, MALIGAMGAM. ISINUSUKA KO ANG MALIGAMGAM. DAPAT SA AKIN O LABAN SA AKIN. WALANG KALAGITNAAN! MARAMI ANG NAKAAALAM NA ITONG GAWAIN NG EL PALMAR AY MULA SA DIYOS, NA ITO AY TOTOO.**

Aking maliliit na mga anak! Anong mga panahon ang dumarating! Sa madaling panahon ang malaking pagkakawatak-watak ay darating. Pagkatapos ni Pablo VI ay darating ang paghahari ng antipapa. At saka ang kuwestiyon sa pagsunod ay makikita. Isipin, ang isang lalake na tatawagin ang

kanyang sariling Papa, na kung saan ang lahat ay kokonsiderahin siyang Papa, Pinuno ng Simbahan, at magsisimulang magbigay ng hindi pangkaraniwang mga kasuguan. At natural sasabihin nila: siya ang Papa, kailangan kong makinig sa kanya at sundin siya. At saka ang mga paglihis ay darating: ang mga tupa ay pakalat-kalat sa gitna ng mga lobo. **SUBALI'T ANG DAKILANG MGA SANTO AY BABANGON, MAY MGA ILAW, MGA BANNER AT MGA ESTANDARTE, NA HINDI KAYANG PATAHIMIKIN NINUMAN HANGGANG SILA AY MAGDAAN SA PAGIGING MARTIR."**

### ***Ika-5 ng Septyembre 1972***

*(Sevilla. Bahay ng seer na si Clemente Domínguez y Gómez. Alas 8:00 ng umaga.)*

#### **Mahalagang Panawagan sa Simbahan at sa Mundo**

**Inilarawan ni Clemente Domínguez ang kanyang bisyon:** *"Ako ay nakaluhod, nagdarasal sa aking silid. Maya't-maya ang dalawang mga seer ay naging presente, ang seer na ..., na lumuhod sa aking kaliwa, at ang seer na ..., na lumuhod sa aking kanan. Sila ay nagsimulang magdasal kasabay ko. Sa parehong sandaling iyon, ako ay nagkaroon ng bisyon sa Pinakabanal na Birhen, inaalalayan si Papa Pablo VI sa kanyang kandungan, kung natutulog man o patay hindi ko alam. Kasama sa bisyong ito, sa mataas na bahagi, ay nagpakita ang Ama sa Langit, at ang isang Pari na parang nasa himpapawid, itinataas ang isang Kalis at ang isang Sagradong Ostiya, itinaas ang kanyang mga mata sa Ama sa Langit. Sa sandaling iyon ay malaking pagdurugo ang nagsimula, buhat sa Sagradong Ostiya at sa nag-aapaw na Kalis. Sa sandaling ito ng pagdurugo, ang Romanong Papa ay nabuhay, tumayo at lumuhod sa pagsamba sa Sakramental na Hesus. May nakita akong mga katagang nakasulat na nagsasabing: 'ANG PAPA AY NASA PANGANIB. ANG SIMBAHAN AY NASA PANGANIB. ANG PAGKAKAWATAK-WATAK AY MALAPIT NA'. At saka ito pang ibang mga kataga, sa malalaking gintong mga titik: 'MGA MISA, MGA MISA, MGA MISA. MARAMING MGA MISA ANG KINAKAILANGAN SA SAGRADONG LUGAR NG EL PALMAR."*

*Pagkatapos may dalawang Anghel ang may dalang malaking kartel na nagsasabi: 'MALAKI AT TERIBLENG MGA KAGANAPAN ANG DARATING SA SIMBAHAN. ANG SIMBAHAN AY MAGLALAHO; UNAWAIN ANG TUNAY NA SIMBAHAN, ANG TUNAY NA SIMBAHANG IPINUNDAR NI HESUKRISTO, NA MATATAGO SA MGA KATAKUMBA, INUUSIG NG PARISEYONG SIMBAHAN. ANG SIMBAHANG ITO AY OPISYAL NA KIKILALANIN NG LAHAT NG MGA BANSANG, MALIBAN DOON SA MGA BANSANG PINILI NG KATAAS-TAASAN, NA LALABAN SA PANIG NG TUNAY NA PAPA.'*

*Makaraang mabasa ang malaking kartel na ipinakita ng mga Anghel, ako ay nagkaroon ng simbolikong bisyon sa sumusunod na paraan: Nakakita ako ng mga Kardinal, mga Obispo, mga Pari, mga Madre at mga mananampalataya na gumagawa ng kasunduan sa mga emisaryo mula sa Rusya, ipinagkanulo ang Tunay na Simbahan. Kasama ng mga Kardinal, mga Obispo, mga Pari at mga Relihiyoso, ang iba ay mga marxist, ang iba sosyalista, at ang pinakaterible, mga freemason. Kasama nila ay may nakita rin akong mga Hudyo na kahit kailan ay hindi tunay na mga kumbert, subali't parisaiikal na niyakap ang Katolikong Relihiyon para sirain ito mula sa loob. Sa loob ng pagtitipong ito ay nakita ko ang mga Kardinal, mga Obispo, mga Pari at mga Relihiyoso na nagsisilbi sa kapitalismo at liberalismo, na katulad ng marxismo ay mapang-api at malupit.*

*Nakakita ako ng isang bulwagang may maraming mga bangko o mesa. Sa dingding sa harapan ay may isang Krusipiho, na may imaheng hindi man lamang nakapupukaw ng debosyon. Sa isang napakalayong sulok, ay may isang imahen ng Pinakabanal na Birhen, na hinding hindi naging inspirasyon para sa pagmamahal sa Kanya. Malalaking mga kurtina, maraming mga kable na may mga mikropono; ang bawa't isa ay may mga aparatus sa kanyang ulo, sa palibot ng tainga. Malaking komportable para sa kanila at walang respeto sa Diyos. Kagyat ay may narinig akong isang resepsyonista ang nagpahayag ng pagdating ng ilang mga emisaryo mula sa Rusya; ang iba ay mula sa Hilagang Amerika; ang iba mula sa Israel at iba pang mga lugar. Sa mga emisaryong ito ay may mga marxist, mga sosyalista, mga freemason, mga kapitalista, mga liberal. Nang ang resepsyonista ay inihayag ang mga emisaryong ito, isang Kardinal, na ang lakas ng loob na tawagin ang kanyang sariling Kardinal ng Simbahan ni Kristo, ay tumayo, kumuha ng isang tela at tinakpan ang Krusipiho; at sa pamamagitan ng isa pang tela ay tinakpan niya ang imahen ng Birhen; at sinabi niya ang mga salitang ito, na perpekto kong narinig: 'Takpan natin ang mga ito upang hindi masaktan ang damdamin ng ating mahal na mga kaibigan na binigyan tayo ng karangalan sa pamamagitan ng kanilang mga presensya.' At nagpatuloy ang Kardinal sa pagsasalita: 'Mas mabuting kaysa takpan natin sila, ihagis natin ang mga imaheng ito sa labas*

ng bintana.' Narinig ang palakpakan ng lahat. Sa sandaling iyon, sa ganoong kalaspatanganan sa Diyos, nalugmok ako na ang mukha ay nasa lupa.

Sumunod ako ay natuliro sa nakita ng aking mga mata: Nakita ko ang isang Kardinal, maraming mga Obispo, ilang mga Pari at mga Relihiyoso, kaisa ng nabanggit na mga emisaryo, kumuha ng isang tripleng korona at inilagay ito sa sentido ng isang napakalaking nilalang, sobrang kasuklam-suklam, ganap na karima-rimarim na tingnan at, sa puntong nakakahilo. **PAGKATAPOS NA MAILAGAY SA KANYA ANG KORONA, AY PUBLIKONG IPINAKILALA SIYA BILANG PAPA NG KATOLIKONG SIMBAHAN,** at nagpadala ng mga kalatas sa lahat ng mga Kanselor sa buong mundo. Nakita ko ang mga kalatas mula sa mga Kanselor ng pakikiisa sa bagong papa. **ISANG HUWAD NA PAPA, DAHIL SA KANYANG PAGKAKAPILI SI SATANAS MISMO ANG NAMAGITAN.** Ang huwad na papa ay nagsimulang magpahayag tungkol sa pagdating ni Kristo, isang Kristong hindi ang Pinili subalit ang Antikristo. Ibinigay niya ang pinakamahigpit na utos na sumunod sa mga yapak ng Halimaw, na may mga kaukulang penalidad doon sa lahat ng hindi magpasailalim sa kanyang malupit at ubod ng samang mandato. **ANG HUWAD NA PAPANG ITO, SA PAMAMAGITAN NG ISANG PAGGALAW NG KANYANG PANULAT, AY INABOLISA ANG PERPETWAL NA SAKRIPISYO, PINAWALANG-BISA ANG MGA DOGMA AT MGA MISTERYO, KINONSIDERA ANG MGA ITONG WALA NA SA PANAHON AT LUMANG KAUGALIAN. HIGIT SA LAHAT SIYA AY GALIT KONTRA SA IMAKULADANG BIRHENG MARIA, INA NG ATING PANGINOON AT DIYOS.** Sa panahong ito ay nakita ko ang teribleng mga sakuna, teribleng mga persekusyon, tunay na mga ilog ng dugo, maraming mga martir sa pagtanggol sa Tunay na Simbahan ni Kristo. Maraming mga obispo ang pinipilit ang kanilang mga mananampalataya, o kawan na kanilang nasasakupan, na sumunod sa isang huwad na papa. Ang mga mananampalataya ay natagpuan ang kanilang mga sarili sa sumusunod na problema: 'Susunod ba tayo o hindi susunod sa Simbahan?' Ang mga obispo ay nagsabi: Sumunod kayo nang may takip ang mga mata! At ang lahat na hindi nagkaroon ng Liwanag ng Espiritu Santo ay sumunod sa kanilang mga obispo at nahulog sa erehya, naiwan ang kaunti lamang sa Tunay na Simbahan. Makaraang maobserbahan ang lahat ng mga bagay na ito, si Hesus ay nagpakita sa aking harapan, nakadamit sa marangyang kamahalan. Sapat nang makita ang Kanyang Mukha, nang hindi nagsambit pa ni isa mang kataga, para maunawaan na ang lahat ng nasa itaas ay naglalarawan ng Panahon ng Antikristo. Subali't si Hesus ay nais gumawa ng mas higit pa. Minarapat Niyang sabihin ang ilang mga pananalita, nararapat para sa isa na isang Hari ng Langit at Lupa." Pagkatapos nito, ang Panginoon ay ibinigay kay Clemente ang sumusunod na Mensahe:)

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

"Mahal Kong mga anak: Ipinakita Ko itong apokaliptkong bisyon para bigyan kayo ng babala sa teribleng mga kaganapang darating: **DAHIL ANG MALAKING KARIMLAN AY MALAPIT NANG DUMATING PARA SA SIMBAHAN, ANG SIMBAHANG AKING IPINUNDAR SA PAMAMAGITAN NG AKING DUGONG PINADALOY SA KALBARYO.** Ang matalino at maingat ay mga napakatangang tao dahil, alam nila ang Bibliya, wala silang ideya at hindi nila maunawaan kung kailan ang kaganapan ng bawat panahon ay dumarating. **MULI, TULAD NG OKASYONG IYON ANG SANHEDRIN AY HINDI GINAWA ANG NARARAPAT.** At tulad ng panahong iyon, Ako ay napapaligiran ng mga simpleng tao at banal na mga babae. **MAGING ALERTO, MAGING NAPAKAALERTO! ANG MGA MATA AY NAKATOON SA DARATING NA MGA KAGANAPAN SA BATIKANO.** Binabasbasan Ko kayo."

### **Ika-6 ng Marso 1973**

*(Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya. Sa harap ng imahen ng Divina Pastora. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria**

"Mahal Kong mga tupa: Huwag kayong pumunta sa mga pook kung saan ang mga turo ay sumasalungat sa Katotohanan. Lumayo kayo sa mga lugar kung saan ang Awtentikong Doktrina ay inaatake. **HUWAG NINYONG TANGGAPIN ANG PAMAMATNUBAY NG HUWAD NA MGA DOKTOR, DAHIL SI SATANAS AY NAKAGAGAWA NG MALAKING MGA KABABALAGHAN UPANG ATAKEHIN ANG GAWAIN NG DIYOS.**



O Aking maliliit na mga anak! **BALIKAN NINYO ANG AWTENTIKONG MGA TURO. BALIKAN NINYO ANG DOKTRINANG ITINURO NG MGA DALUBHASANG ARAL NG SIMBAHAN,** at beripikahin na ang doktrinang itinuturo sa maraming mga lugar ngayon ay lubos na sumasalungat. **BUMALIK KAYO SA BUNDOK NA ITO NG KRISTONG HARI, KUNG SAAN ANG DOKTRINA AY IYONG ITINURO NG INANG SIMBAHAN, NA HINDI SOBRA O KULANG.**

**BALIKAN NINYO ANG MGA MENSAHENG IBINIGAY SA SAGRADONG LUGAR NA ITO, LAGING NAGTATANGGOL NG SAGRADONG BIBLIYA, NAGTATANGGOL NG BANAL NA TRADISYON, NAGTATANGGOL NG DALUBHASANG ARAL NG SIMBAHAN, SA ISANG SALITA: ANG PAGPEPRESENTA NG KATOTOHANAN, AT LAGING KATOTOHANAN. GAANO NA KARAMI ANG NAKATAGPO NG TUNAY NA PANANAMPALATAYA SA SAGRADONG BUNDOK NA ITO NG KRISTONG HARI! SA PINAGPALANG PALMAR DE TROYA NA ITO, GAANO NA KARAMI ANG NAKATAGPO NG AWTENTIKONG PANANAMPALATAYA!** Tingnan ninyo ang Sagradong Lugar na ito, kung paano ito dahan-dahang lumaganap sa lahat ng bansa, kung paano ito nagkaroon ng kanyang mga Apostoles. At tingnan ninyo ang pangkalahatang pag-ingay sa mundo tungkol sa El Palmar de Troya, isang lugar na nanindigan para sa kanyang pagtatanggol sa Pananampalataya, sa kanyang pagtatanggol sa Tradisyon, sa kanyang pagtatanggol sa Papa.

**ANG EL PALMAR DE TROYA NGAYON AY ILAW SA KARIMLANG DINADAANAN NG INANG SIMBAHAN.** At dahil ito ay napakadakila, napakaganda at pinakamaringal na Gawain, si Satanas ay nagagalit at gumagawa ng nakapangingilabot na laban kontra sa Pinagpalang Lugar na ito, ginagamit ang lahat ng panglalansi ng kanyang mga demonyo. Sinasayang niya ang kanyang kapangyarihan laban sa Lugar na ito, sa lahat ng paraan at sa lahat ng panahon, nagsusulsol ng pagkakahati-hati, nagsusulsol ng pagkasuklam at nagpapakalat ng mga mali, mga paninira at mga insulto laban sa Sagradong Lugar na ito. **MAGPATULOY KAYO NANG MAY PAG-IINGAT, DAHIL SI SATANAS AY GUMAGAWA NG MALAKING MGA KABABALAGHAN SA IBANG MGA LUGAR UPANG MASIRA ANG ISANG ITO.** Aking maliliit na mga anak, ang Ama sa Langit ay ipinadala Ako sainyo para ipaabot sainyo ang Kanyang mga salita: **MALUNGKOT PARA DOON SA MGA NAKIKIALAM SA SAGRADONG LUGAR NA ITO! MALUNGKOT PARA SA KANILA, DAHIL ANG KANYANG GALIT AY BABAGSAK SA KANILA!** Ang Ama sa Langit ay ipinadala rin Ako para ipaabot sanyong lahat na **ANG BUNDOK NA ITO NI KRISTONG HARI AY ANG LIWANAG AT ILAW NG SIMBAHAN SA ORAS NA ITO NG BAGYO AT KADILIMAN, AT TINITINGNAN NIYA ANG PALMAR DE TROYANG ITO BILANG LIWANAG NG KANYANG MGA MATA. DAGDAG PA ANG AMA SA LANGIT AY NAIS NA ANG LUGAR NA ITO AY MAGING ILAW AT LIWANAG PARA IHANDA ANG MGA ANAK NG BAGONG SIMBAHAN: ANG SIMBAHAN NG TAGUMPAY NI KRISTO SA LAHAT NG MGA BANSANG. ANG LUGAR NA ITO AY TINAWAG PARA IHANDA ANG MGA BANSANG SA PAGTANGGAP KAY KRISTO MALUWALHATI SA PAGPAPAKITA NG KANYANG KAPANGYARIHAN AT NG KANYANG HUSTISYA.** Sa isang salita: **PARA TANGGAPIN SI KRISTONG HARI.** At mula rito, mula sa Pinagpalang Lugar na ito, ang Eternal na Ama ay nais na ipadala ang Kanyang mga Apostoles na siyang maghahanda sa sangkatauhan sa Pagbabalik ni Hesus. Kung kaya, ito ay ang Bundok ni Kristong Hari. Pagnilayan ninyo ang mga salitang ito: **BUNDOK NI KRISTONG HARI.**

O Aking maliliit na mga anak: Mag-ingat, mag-ingat, dahil **KAHIT MALALAKING MGA PAGKILOS AY ISASAGAWA PARA TAPUSIN ITONG SAGRADONG BUNDOK!** Mag-ingat kayo, pinakamamahal Kong mga anak, sapagkat ang kapangyarihan ng Impiyerno ay ganoon na lamang laban sa Lugar na ito, na magkakaroon ng malaking kalungkutan. At importanteng kapag ang kalungkutan ito ay dumating, kayo ay dapat na matatag at nagkakaisa para durugin si Satanas; at kayo lahat ay magtatagumpay kasama Ko at magiging handa para lumabas sa pagsalubong kay Hesukristo; Siya na ang Kanyang mga bisig ay bukas nang malaki para yakapin kayo ng buong pagmamahal. **GAYUNMAN KAYO AY DAPAT MAGING KASAMA KO, AT DAPAT ARIIN NINYO AKO BILANG INA AT PASTORA. DAPAT AY LAGI KAYONG NASA TABI KO, SA TABI NG AKING TUNGKOD, ISANG TUNGKOD NA DUMUDUROG SA ULO NG AHAS."**

### ***Ika-25 ng Marso 1973***

---

*(Sevilla. Bandang ala- una (1:00) ng madaling araw. Kapistahan ng Anunsasyon kay Banal na Birheng Maria, si Clemente Domínguez ay nasa kanyang pribadong bahay, Ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita sa kanya, nakokoronahan ng mga tinik. Ang kanyang Katawan ay walang saplot mula sa baywang hanggang sa itaas, nakikita ang mga sugat ng paghampas, at dumadaloy ang maramng Dugo buhat sa Dibdib, mga Kamay at mga Paa. Si Clemente Domínguez ay nagtanong sa Panginoon: “Aking Hesus, bakit ka dumating na umiiyak at nagdurugo mula sa Iyong bukas na mga Sugat, na naging lawa ng Iyong Pinakamahal na Dugo? Hesus, Hesus, bakit, bakit ka dumating na tulad nitong punong-puno ng grabeng sakit, grabeng paghihirap? Hesus maawaing Hesus: Hindi ko nais na makita Kang tulad nito, na may Dugo sa lahat ng Iyong mga sugat! At bakit Ka dumating na ang Iyong Katawan ay walang saplot mula sa baywang hanggang sa itaas, kaya nakikita ko ang mga Sugat ng paghampas, at ang Iyong Ulo ay puno ng tumutusok na mga tinik, ang Iyong Ulo ay nagdurugo, at ang Dugo ay dumadaloy sa buo Ninyong Katawan? Kahit ang Iyong mga mata ay natusok! O Hesus, ipaliwanag Mo sa akin kung bakit Ikaw ay dumating nang ganito! O Panginoon, nakikiusap ako sa Iyo!” Ang Panginoon ay sumagot sa seer sa pamamagitan ng sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Aking anak, dumating Ako nang ganito, na ang Katawang ito na puno ng mga Sugat, para ipakita saiyo ang sakit na dinaranas Ko, **SA PAGKAKITA SA SIMBAHAN, ANG AKING MAHAL NA ESPOSA, PUNO NG KALITUHAN, PUNO NG MATERYALISMO. NGAYON AY KUNG SAAN ANG SIMBAHAN AY WINAWASAK SA NAPAKALAKING PAMAMARAAN, NA MAY MALAKING MGA BATONG INAALIS MULA SA EDIPISYO.**

**Mag-ingat! ISANG MATINDING BAGYO ANG DUMARATING PARA SA SIMBAHAN, NA HINDI PA NAGAGANAP AT HINDI NA MAGAGANAP. ISANG MATINDING BAGYO, NA KUNG SAAN ANG BARKO AY LALABANAN SA LAHAT NG DAKO; AT ANG MATINDI PA, MULA SA LOOB NG KANYANG KAILALIMAN.** At araw-araw ang Aking mga kaaway ay uukupa ng mataas na posisyon sa Aking Simbahan, hanggang sila ay magtagumpay sa pag-upo ng kanilang mga sarili sa Katedra ni Pedro, at ang mga emisaryo ng Antikristo sa malas ay magpapalakad ng Simbahan. Aking maliliit na mga anak, huwag kayong maligalig, gayunman: **ANG SIMBAHAN AY HINDI MAAARING WALANG TUNAY NA PAPA SA ORAS NA IYON, O HINDI MAAARING WALANG DAKILANG MGA MARTIR AT MGA SANTO.**

**NASA SAINYO, AKING MGA MINISTRO, AKING MGA OBISPO AT AKING MGA KARDINAL, PARA IRE-ESTABLISA ANG BANAL NA LATIN ‘TRIDENTINE MASS’ NI SAN PIO V, KAHIT NA KONTRAHIN NG IBANG MGA OBISPO NA NAIS NA MAMANTINE ANG KASALUKUYANG MISANG IDINARAOS SA KARAMIHAN NG MGA SIMBAHAN. ANG BAGONG ORDEN NG MISA (TINATAWAG NA ‘NOVUS ORDO MISSÆ’) AY PUNO NG KALITUHAN, NG KALABUAN AT PUNO NG MGA MALI.** Aking mahal na maliliit na mga anak: Suriin ninyo ang bagong misa at dito ay makikita ninyo ang sunod-sunod na mga mali na kahit na ang isang bulag na tao ay makikita. Sa panahong makita ninyo ang mga maling ito na napapaloob sa bagong ritwal, isang ritwal na kabaligtaran ng awtentikong Misa, magpatuloy kayo nang may tapang, ire-establisa ninyo ang dating Ritwal.”

### ***Ika-2 ng Abril 1973***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Mahal na mga anak: **Maging alerto sa darating na Papa dahil, PAGKATAPOS NI PABLO VI, ISANG HUWAD NA PAPA ANG UPUO SA KATEDRA NI PEDRO, NA SUSUBUKANG SIRAIN ANG SIMBAHAN. SA**

**SANDALING IYON AY MAGKAKARON DIN NG ISANG TUNAY NA PAPA.** Kung ganoon, magdasal ng marami para magkaroon ng liwanag at malaman kung sino ang susundin kapag dumating ang araw na iyon. Ilagay ninyo ang inyong mga sarili sa mga kamay ng Aking Pinakabanal na Ina, para Siya, bilang Divina Pastora ng kawan, ay patnubayan kayo sa magandang kanlungan. Pagkatapos kay Maria, tumawag din kayo kay San Jose, bilang Ama ng Simbahan, para palayasin niya ang mga kaaway sa loob.”

*(Ang seer ay nagkaroon ng teribleng bisyon at napasigaw: ‘Naglalagablab na apoy sa lahat ng dako! Huwag ninyong payagang bumuka ang lupa, Panginoon! Ang mga naninirahan ay nilalamon!’ At ang Panginoon ay nagpatuloy sa pagsasalita:)*

**“Subali’t ang Dakilang Babae ay nagpakita, nadadamitan ng Araw, Ang Kanyang ulo ay may koronang labindalawang mga bituin at ang gasuklay na buwan ay nasa ilalim ng Kanyang mga paa.** Masdan mo ang pag-asa para maremedyuhan ang kasamaan sa mga panahong ito: **ANG UNIBERSAL NA APARISYON NG DAKILANG BABAE; DAHIL SA MADALING PANAHOON ANG DAKILANG BABAE AY DUDURUGIN ANG ULO NG AHAS. AT MAGKAKARON NG ISANG MALAKING PAGKAKAWATAK-WATAK, PAGHIGAB AT PAGPAPAHAYAG. ANG MGA ANAK NG DAKILANG BABAE AT ANG MGA ANAK NI SATANAS, ANG LIWANAG AT ANG DILIM. MAGSAYA KAYO! MAGSAYA KAYO, PARA SA MGA PANAHOON DARATING! ANG KAHARIAN NG AKING KAPAYAPAAN AY MALAPIT NANG DUMATING. ANG PAGTATAGUMPAY NI KRISTO AY MALAPIT NA: ANG PANAHOON NG ESPIRITU SANTO. ANG ARAW NA IYON NG AKING MALUWALHATING PAGDATING AY DARATING. IYON ANG PINAKAMALUWALHATING KAGANAPAN MULA’T SAPOL NA MAGAGANAP SA MUNDO.”**

### ***Ika-19 ng Hunyo 1973***

*(Sevilla. Ang seer na si Clemente Domínguez ay naglarawan: ‘Bandang tanghali ngayon, ika-19 ng Hunyo, sa aking silid, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa akin sa ilalim ng titulo ng Carmel at sinabi sa akin ang sumusunod’:)*

#### **Ang Pinakabanal na Birhen ng Carmel**

“Mahal Kong anak: kinakailangan mong dalhin sa pahayagan ang Aking mga pananalita tungkol sa Panawagan para sa ika-16 ng Hulyo, kapistahan ng Carmel, ukol sa pagtitipon ng Aking mga anak sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya.

**Ako mismo, sa ika-16 ng Hulyo, ay magbabasbas ng tubig sa Poso ng Sagradong Lugar sa El Palmar de Troya.** Nais Ko na ang may sakit ay uminom ng tubig na Aking babasbasan sa araw na iyon, Mula sa ika-16 ng Hulyo, ang tubig na iyon ay hindi na pag-aari ng tao, dahil ito ay magiging Tubig ng inyong Ina ng Palmar, para pagalingin ang may sakit. **IPINAPANGAKO KO NA BILANG KONSEKWENSIYA SA PAGBSITANG GAGAWIN NILA SA EL PALMAR,** ay maraming may karamdaman ang gagaling. Mahal Kong mga anak: Pumunta kayo nang may Pananampalataya, nang may ispiritu ng dalangin at sakripisyo. Pumunta kayo nang desente, may magandang asal at disiplina.”

*(‘Makaraan ang bisyon sa Pinakabanal na Birhen, ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita sa akin.’ Ibinigay Niya sa seer ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Mahal Kong mga anak: **Sa madaling panahon ang Katolikong Simbahan ay magiging kasapi ng Konseho ng mga Simbahan, na katumbas sa pagsasabing ang Katolikong Simbahan ay isa pang simbahan tulad ng lahat ng iba: ito ay magiging paghahanda para sa makaimpiyernong pagkakaisa na darating sa susunod na turno ng Papa, na ang namumuno ay ang Antipapa.”**

*(Nang araw ding iyon ang Ating Panginoong Hesukristo ay idinikta kay Clemente Domínguez ang Akto ng Konsagrasyon sa Ating Ina ng Palmar para dasalin sa Sagradong Lugar. Ang solemneng aktong ito ay nagtatapos sa pag-awit ng ‘Dulce Reina’ na nilikha para sa El Palmar de Troya ng ilang mananampalatayang deboto ng mga*

*Aparisyong ito na nakatira sa bayan ng El Arahil. Tinanggap ng Panginoon ang himnong ito, na kinilala na bilang ang **Opisyal na Himno para sa Ating Ina ng Palmar.**)*

#### ***Ika-29 ng Enero 1974***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria**

“Aking mahal na mga anak: isang malaking bagyo ang dumarating sa Simbahan, na hindi pa nagaganap kahit kailan sa nakaraan. **ANG MGA KAAWAY NG DIYOS AY NAMUMUNO NA SA BARKO NI PEDRO.** Subali’t iyon ay maliit pa. Dahil hindi magtatagal ang Simbahan ay magkakawatak-watak, at isang huwad na papa ang iluluklok ang kanyang sarili sa Katedra ni Pedro, at mula roon ay susubukang sirain ang Simbahan ng Diyos, ang tunay na Katolikong Simbahan.

Subali’t sa sandaling iyon, **SA LAHAT NG MGA BANSA, ANG MARYANONG MGA APOSTOLES AY NAKAHANDA NA. SILA, KASAMA ANG TUNAY NA PAPA, AY MULING ITATATAG ANG ORDEN, ISANG ORDEN NA HINDI MAKIKITA, DAHIL ITO AY NASA MGA KATAKUMBA.”**

#### ***Ika-24 ng Septyembre 1974***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Mga alas 2:00 ng madaling araw, ang Ating Panginoong Hesukristo, napapaligiran ng maraming mga Santo, ay nagpakita kay Clemente Domínguez. Ang Espiritu Santo ay nagpakita rin sa kanya sa porma ng isang kalapati, dumapo sa mga ulo ng lahat ng presente bilang isang Dila ng Apoy. Ang Eternal na Ama ay nagpakita rin, at binasbasan sila. Sa bandang huli, ang Pinakabanal na Birhen ay nagpakita sa kanila sa ilalim ng titulo ng La Merced, dahil iyon ang Kanyang Kapistahan, sinamahan ni San Pedro Nolasco. Ang Panginoon ay ibinigay kay Clemente Domínguez ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“O pinakamamahal na mga anak: ang **Orden na ipupundar isang araw sa Sagradong Lugar na ito ay magbibigay ng liwanag sa lahat ng mga Bansa.** Buhat dito ay manggagaling ang pagsuporta para sa tunay na Papa kapag ang pagkakawatak-watak ay maganap. O pinakamamahal Kong maliliit na mga anak: Ngayon ay inihahanda Ko na kayo para sa Orden sa hinaharap, na kung saan ang karaniwang tao ay hindi magkukulang, iyong mga bumubuo ng Pangatlong Orden.

Aking mahal na mga anak: matuto kayo mula sa mga lalake at mga babaeng mga Santong ito na dumating kasama Ko ngayon. Sa madaling panahon itong Orden ng mga Sumasamba sa Banal na Mukha ay babangon.

Aking mahal na mga anak: at huwag ninyong kalimutan na ang lahat ng ito ay manggagaling sa Repormadong Carmelita ng dakilang Santa Teresa ni Hesus. **KAYA, ANG AKING PINAKABANAL NA INA AY NAGPAKITA RITO SA ILALIM NG TITULO NG CARMEL.**

Aking mahal na mga anak: **ANG ORDEN NA ITO NG MGA SUMASAMBA SA BANAL NA MUKHA AY MAGIGING AKING PINILING ORDEN BAGO PA MAN; DAHIL ANG ORDEN NA ITO AY MANGGAGALING SA PAREHONG PAMILYA TULAD NG ORDEN NG BUNDOK NG CARMEL, ANG PINAKAMATANDA SA LAHAT NG MGA ORDEN, AT ANG ISANG MANANATILI HANGGANG SA AKING PAGBALIK, PARA MAGHARI KASAMA KO.”**

#### ***Ika-30 ng Mayo 1975***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Tulad ng bawa’t ika-30 ng buwan, ang Pagsamba sa El Palmar de Troya ay idinaraos ng may dakilang solemnidad. Dahil maliban sa isa sa mga araw na iyon na pinili ng Langit para sa lahat ng Apostoles ng El Palmar na magtipon-tipon sa*

*pagdarasal, ang buwanang araw ng Unang Aparisyon ng Pinakabanal na Birhen sa El Palmar de Troya ay ginugunita; na, tulad ng alam na ng lahat, ay sa ika-30 ng Marso 1968. Dahil sa dobleng kaganapang ito, ang Pagsamba ay nababalot ng espesyal na solemnidad. Pagkatapos ng Banal na Misa, isang Solemneng Prusisyon ang isinagawa kasama ang imahen ng Ating Ina ng El Palmar, tulad ng sa bawa't ika-30. Ang pinakamagandang imahen, napapalamutian ng maraming mga bulaklak, ay dinala sa dating kinaugaliang ruta na may mga awit at sigasig ng mga mananampalataya. Sa panahon ng prusisyong ito, si Clemente Domínguez ay pumasok sa ekstasi sa Aparisyon ng Pinakabanal na Birhen, na dala ang Banal na Bata sa Kanyang mga bisig, na inilagay Niya sa mga bisig ng seer. Pagkaraan ang Panginoon ay nagpakita, na nagbigay kay Clemente ng sumusunod na Mensahe:)*

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Mahal Kong mga anak: Masdan ninyo ang inyong Manunubos. Masaya Ako sa inyong mga dalangin, sa inyong mga penitensiya, higit sa lahat sa araw na ito, itong dakilang araw. Salamat sa inyo lahat.

**NARITO ANG AKING SAGRADONG PUSONG NAGDURUGO PARA SA SANGKATAUHAN,** sa napakaraming mga kalaspatanganan sa Diyos, sa napakaraming mga sakrilihiyo, napakaraming kalagiman sa Simbahan! Napakaraming napapariwarang mga Obispo! Napakaraming napapariwarang mga Pari! **NARITO ANG INYONG HARI AT PANGINOON, LABIS NA NASASAKTAN, LABIS NA NAMIMIGHATI, SA PAGKAKAKITA SA KASALUKUYANG SITWASYON SA SIMBAHAN.** Kaawa-awang mga kaluluwa! Gaano kasamang mga Pastol mayroon sila! Anong kalagayan ang kinasadlakan ng Aking Simbahan!”

## Konstruksiyon ng Santwaryo ng Ating Ina ng Palmar

(Nang araw ding iyon ika-30 ng Mayo 1975, si Clemente Domínguez ay tumanggap ng sumusunod na Mensahe:)

### Ang Ating Panginoong Hesukristo

**“Pinakamamahal Kong maliliit na mga anak: Pansinin ninyo ang Sagradong Santwaryo!**

Matatag Kong iniutos na, matapos na anihin ang trigo, trigo na Aking ibinigay, umpisahan na ang trabaho, anuman ang mangyari, ano man ang maging halaga. Dumating na ang oras! Pagkatapos ng trigo, ang mga gawain sa Santwaryo ay simulan na! Ang mga pondo ay darating. Huwag mabahala. Humingi kayo at kayo ay makatatanggap! Pinakamamahal Kong maliliit na mga anak: hindi lamang dapat sa paningin, nguni't sa katotohanan: napakapinong trigo, magandang ani. Salamat sa Aking pamamagitan. Gaano na ang hingin ang ektaryang lupa para sa Akin at para sa Reyna! Binabasbasan Ko ang mga gawain. Katapangan at patuloy!”

*(Si Manuel Alonso Corral ay sumulat ng mahalagang sulat para sa lahat ng mga deboto ng El Palmar na humihingi ng mga panalangin, mga sakripisyo at tulong na ekonomiko o pinansiyal para sa paggawa ng gusali.)*

### Ika-9 ng Septyembre 1975

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Sa okasyon ng Panawagang ginawa ng Panginoon para sa Ika-12 ng Septyembre, noong ika-8 ng Septyembre mga limampung mga perigrino mula sa Ireland ay pumunta sa El Palmar de Troya. Bandang mga alas 3:00 ng madaling araw noong ika-9, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez kasama ang Batang Hesus sa Kanyang mga bisig, na inilagay sa mga bisig ni Clemente. Ang lahat ay sumamba at humalik sa Banal na Bata. Nang maibalik ng seer ang Batang Hesus sa Pinakabanal na Birhen, ang bisyon ay nawala. Agad ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita, na nagbigay ng sumusunod na Mensahe kay Clemente Domínguez:)*

### Ang Ating Panginoong Hesukristo

**“NARITO ANG KATEDRA NG MUNDO, ANG LIWANAG PARA SA MUNDO, ANG ILAW SA SIMBAHAN; EL PALMAR DE TROYA, ILAW SA SIMBAHAN, SA GITNA NG KALITUHANG LAGANAP SA BUONG MUNDO AT SA LOOB NG SIMBAHAN MISMO. NARITO ANG LIWANAG, ANG ILAW, ANG BITUIN PARA SA MUNDO.**

**ANG MUNDO AY TITIKLOP NG KANYANG MGA TUHOD SA HARAP NG SAGRADONG LUGAR NG EL PALMAR DE TROYA: ANG PINAKADAKILANG LUGAR NG MGA APARISYON SA MULA'T-MULA, NGAYON AT MAGPAKAILAN MAN, KAPAG KAYO AY MANATILING NASA GRASYA. ITO AY HINDI PANATISISMO SA INYONG PANIG. ITO AY ISANG KATOTOHANAN. ANG PINAKAIMPORTANTENG LUGAR SA LAHAT NG MGA LUGAR NG MGA APARISYON AT SA LAHAT NG MGA SANTWARYO SA MUNDO, DAHIL KALOOBAN ITO NG KATAAS-TAASAN. HAYAANG ANG TAO AY MANAHIMIK KAPAG ANG DIYOS AY UMAAKTO!**

O pinakamamahal Kong maliliit na mga anak, mga anak ng Aking Puso! Hindi pa ninyo napagtatanto ang kahalagahan ng Sagradong Lugar na ito, sa mga panahong ito mismo, kung saan ang Simbahan ay dumaraan sa mga oras ng karimlan, kalituhan. **ANG LUGAR NA ITO AY ANG LAKAS NG AKING BIKARYO, NG AKING MATAMIS NA BIKARYO PABLO VI.”**

### Ika-30 ng Nobyembre 1975

*(Nayon ng El Palmar de Troya. Bahay ng mga Perigrino. 9:45 ng umaga. Ang Panginoon ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Aking mahal na anak: Kinokumpirma Ko saiyo ang Aking mga salitang ibinigay sa Katedral ng Malaga sa harap ng Krusipihong Tagumpay (noong ika-26 ng Nobyembre 1975).

Ang Pundasyon ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay Aking nais. Tulad ng sa Katedral sa Malaga, muli Kong ibinigay saiyo ang sumusunod na mga instruksiyon: *(Ang Panginoon ay ibinigay ang mga pamantayan para sa Abito ng Rehilyosong Orden at iba pa tungkol sa pamamaraan ng buhay sa komunidad at mga pagkain. Ang Panginoon ay nagpatuloy sa pagsasalita:)* Aking maliit na anak *(tinutukoy si Clemente Domínguez):* Sa iyong likod, at sa iyong mahinang mga balikat, at sa iyong mahinang mga kamay, inilalagay Ko ang Pundasyon at Pamumuno ng Orden na ito ng Huling mga Panahon, na naghahanda para sa Aking muling Pagdating. Kayo ay magniningning tulad ng mga bituin sa lupa, sa huli ay maghahari kasama Ko sa Langit! Kayo ay magiging Orden ng Raparasyon ng Huling mga Panahon. Aking maliit na anak: alisin na ang huwad na kababaang-loob. Ang Pundasyon at Pamamahala ay para saiyo. Sulong! Isagawa ang iyong misyon. Ang sinumang namumuno ay magkakaroon ng mas malaking responsibilidad sa oras ng paghukom.

Sa bahay sa Sevilla, maliban sa Pundador at Superior *(na si Clemente Domínguez y Gómez)*, ay magkakaroon din ng iba pang posisyon: Ang Aking anak na si Manuel, Pangalawang Superior *(na si Manuel Alonso Corral.)* *(Nakita ni Clemente na ang Panginoon ay may dumaloy na napakaraming Dugo, at napasigaw: ‘Ang Dugo, ang Dugo mula sa Inyong mga paa, Panginoon! Ang Inyong Dugo!’ Ang Panginoon ay nagpatuloy sa pagbigay ng mga pamantayan. Ang Panginoon ay patuloy na dumadaloy ang Dugo mula sa mga Sugat nito sa Kanyang mga paa. Ang seer ay napasigaw: ‘Mas maraming Dugo mula sa Inyong mga paa, Panginoon! Napakarami!’ Ang Panginoon ay nagpatuloy sa pagsasalita, kasama ang iba pang mga pamantayan, ay nagsabi:)*

**“ANG ORDEN NG CARMELITAS NG BANAL NA MUKHA, IYONG MGA LALABAS PARA TANGGAPIN AKO SA AKING PAGBABALIK AT MAGHAHARI KASAMA KO!** At sila ay magkakaroon ng isang espesyal na Reyna, ang Aking Pinakabanal na Ina, ang Birheng Maria, Ina ng El Palmar at Ina ng Orden, at si San Jose, Ama ng Orden. Dapat ninyong malaman na ang eksaltasyon ng mga Kaluwalhatian ni San Jose ay tumutugon sa Orden na ito. Alam na ninyo na ang El Palmar ay tinatawagan din para ihayag si San Jose sa mundo.” *(Sa petsang ito ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay hindi pa napupundar, kundi binuo.)*

### **Ika-22 ng Disyembre 1975**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Oras: 7:10 ng gabi. Una ang Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez; tapos ang Panginoon ay nagpakita at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Aking mahal na mga anak: **SA SANDALING ITO ANG ORDEN NG CARMELITAS NG BANAL NA MUKHA AY IPINUNDAR.** Ito na ang sandali. Ngayon. Subali’t noong ika-30 ng nakaraang buwan ito ay binuo.

Pinakamamahal na maliliit na mga anak: Ang Ordeng ito na maghahanda para sa Pangalawang Pagbabalik ng Aking Sarili, na nagsasalita, Hesukristo, ay magsisimula para sainyo simula ngayon. Kayo, iyong mananatiling matatag, ay iyong mga sasama sa Akin sa Aking Pagbabalik sa Mundo. Kayo, iyong matapat sa mga Patakaran, ay mas magniningning kaysa marami. Dahil kayo ay ang Carmelitas ng Banal na Mukha. Ang espesyal na Liwanag para sa Simbahan ay manggagaling sa Orden na ito.

**KUNG KAYA, SIMULA SA SANDALING ITO, ANG ORDEN NG CARMELITAS NG BANAL NA MUKHA AY IPINUNDAR.**

Pinakamamahal na mga anak: Ang Relihiyosong Orden na ito ay magbubunga ng dakilang mga lalake at mga babaeng mga Santo.”

***Ika-25 ng Disyembre 1975***

*(Sevilla. Kapilya sa Mother House ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Ang Ating Panginoong Hesukristo at ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nakita ng Pundador at Padre Heneral ng Orden, Clemente Domínguez. Ang Ating Panginoon ay ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

**Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Aking pinakamamahal na anak: **HUWAG MONG KALILIMUTAN NA ANG APAT NA MGA SANGAY: UNA ORDEN, PANGALAWA ORDEN, PANGATLO ORDEN AT ANG ORDEN NG PAGPARI, AY MAPAPASAILAIM SA IYONG PINAKAMATAAS NA AWTORIDAD BILANG PADRE HENERAL.”**

***Ika-25 ng Disyembre 1975***

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Oras: 10:20 sa gabi. Ang panginoong Arsobispo Pedro Martin Ngô-dinh Thuc, na dumating sa El Palmar noong ika-24 ng Disyembre nitong kaparehong taon, kinabukasan, noong ika-25 ng Disyembre, Kapistahan ng Navidad, ay nagdaos ng Banal na Tradisyonal na Misa sa Lentisko. Pagkatapos ng Banal na Misa, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita kay Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

**Ang Pinakabanal na Birheng Maria**

“**AKING MAHAL NA MGA ANAK: NGAYON AY ISANG DAKILANG ARAW SA EL PALMAR DE TROYA. DITO AY MAY PRESENSYA KAYO NG ISANG KAHALILI NG MGA APOSTOLES (TINUTUKOY SI ARSOBISPO PEDRO MARTIN NGÔ-DINH THUC).** Ano pa ang inyong nais, pinakamamahal na maliliit na mga anak! Hindi ninyo alam kung paano pahalagahan ang kadakilaan ng El Palmar de Troya at ang karangalang nakuha nito sa araw na ito sa presensya ng isang Obispo ng Simbahan, nagdaraos ng Banal na Sakripisyo ng ‘Latin Tridentine Mass’ ni San Pio V. Ang panlupang matalino, sa kanilang kapalaluan, ay hindi nauunawaan ang kadakilaan ng Sagradong Lugar na ito. Hindi nila nauunawan ang krisis sa Simbahan sa mga panahong ito. Isang krisis ng kalituhan, kamalian, pagkakawatak-watak, erehya, pag-apostata. Ang Barko ay lumalayag sa gitna ng bagyo na hindi pa naranasan sa nakaraan. Tanging isang maliit na grupo, sa maraming mga panig ng mundo, ay iniingatan ang integridad ng Pananampalataya, Matatag na Doktrina. Sa mga araw na ito, na may huwad na mga pastol, huwad na mga doktor, huwad na mga propeta, ang Simbahan ay nagdaranas ng isa sa pinakamalaking krisis sa kanyang Kasaysayan. Hindi magtatagal ang Simbahan ay daraan sa nakapangingilabot na pagkakahati-hati. Kinakailangang ang El Palmar de Troya ay itayong muli ang Banal na Tradisyon sa Simbahan, Banal na Doktrina, ang Katolikong Pananampalataya.

Aking mahal na mga anak: Ipaglaban ninyo ang Simbahan, ipagtanggol ninyo ang Simbahan. Higit sa lahat, panatilihin ang Pananampalataya, Doktrina, Tradisyon, integridad. Itayong muli ang Banal na ‘Tridentine Mass’ ni San Pio V. Tanggihan ninyo ang progresibismo, ang ubod ng samang progresibismong laganap sa Simbahan ngayon.

Ngayon ay ilalagay Ko ang Banal na Bata sa mga bisig ng Obispo.” *(Ang Pinakabanal na Birhen, sa pamamagitan ni Clemente, ay inilagay ang Batang Hesus sa mga bisig ni Arsobispo Pedro Martin Ngô-dinh Thuc, na naramdaman ang bigat ng Banal na Bata sa kanyang mga bisig, at lubos na humanga. Ang Pinakabanal na Birheng Maria, tinutukoy ang Arsobispo, ay patuloy na nagsalita:)* “Inuulit Ko: ang konsagrasyong ito ng bagong mga Obispo at mga Pari ay kailangan para sa ikabubuti ng Unibersal na



Simbahan. Dahil mula dito, mula sa El Palmar de Troya, ang Liwanag ay lalabas patungo sa Simbahan. Sila ang mga nakahandang lumabas para salubungin si Kristo sa Kanyang Pagbabalik. Sa inyong mga kamay iniwanan Ko ang misyong ito. Subali't ito ay napakadakila, Aking mahal na anak."

### ***Ika-1 ng Enero 1976***

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Pagtatapos ng Taon 1975 at Pagsimula ng Bagong Taon 1976. Malaking bilang ng mga perigrinong galing sa Espanya, ibang Europang mga Bansa, Amerika at ibang mga Kontinente, ay pumunta sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya sa pagsagot sa Panawagang ginawa ng Pinakabanal na Birheng Maria sa pamamagitan ng seer na si Clemente Domínguez y Gómez.*

*Sa paglipas ng gabi, sa maagang mga oras ng ika-1 ng Enero, **AY NAGANAP ANG ORDINASYON NG LIMANG MGA PARI SA PAMAMAGITAN NI ARSOBISPO PEDRO MARTIN NGÔ-DINH THUC.** Ang mga seremonya sa solemneng gabing ito ay sa sumusunod: mga bandang 12:00 ng hating-gabi, Solemneng Eksposision ng Kanyang Banal na Kamahalan; sunod ang Ordinasyon ng mga Paring sumusunod, sa pagkakasunod-sunod na ito: una, Clemente Domínguez y Gómez, Espanyol; pangalawa, Manuel Alonso Corral, Espanyol; tapos dalawang iba pang mga kandidato; at panghuli Pablo Gerardo Fox, Irish; na tinapos ng Misa para sa Ordinasyon. Ang Pinakasolemneng Seremonyang ito, ayon sa 'Pontificále Románum' na Ritwal, na tumagal ng mga apat at kalahating oras.)*

### ***Ika-10 ng Enero 1976***

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Bandang alas 9:30 ng gabi, sa harap ng Imahen ng Divina Pastora na nakatayo sa pasukan ng propyedad, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa ilalim ng titulong iyon, at ibinigay kay Clemente Domínguez ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Divina Pastora**

"Aking mahal na mga anak: Dumating Ako ngayon bilang Divina Pastora ng mga kaluluwa, bilang Divina Pastora ng Simbahan, Divina Pastora ng Sagradong Lugar na ito ng El Palmar de Troya.

Pagmasdan ninyo ang Aking imahen: Divina Pastora, may tungkod sa Aking kaliwang kamay at nagbibigay ng mga tagubilin sa Aking kanan, sa ibabaw ng globo ng mundo. Kung tatanggapin ninyo Ako bilang Divina Pastora, **AKO ANG SIYANG MAY KAPANGYARIHAN, IBINIGAY NG DIYOS, PARA TURUAN KAYO AT SABIHIN SAINYO NA ITONG PAGKONSAGRA NG MGA OBISPO AY KINAKAILANGAN SA SAGRADONG LUGAR NA ITO, AT HINDI SA PRIBADO, TULAD NG BINALAK NINYO.** Napakaimportante para sa iyong misyon sa Simbahan at sa mundo na may mga saksi sa Konsagrasyon ninyo bilang mga Obispo. At iyong mga kokonsagrahing mga Obispo ay magiging sa ganitong pagkakasunod-sunod:

**Una, itong pobrang makasalanan na nagpapahatid ng mga salitang ito sa Ngalan Ko; ang Aking anak, Clemente (Clemente Domínguez y Gómez).**

**Pagkatapos ang isa Ko pang minamahal na anak Manuel (Manuel Alonso Corral).**

**Sunod ang Aking pinakamamahal na anak Padre Camilo (Camilo Estévez Puga).**

**Sunod sa kanya, ang Aking piniling anak Padre...**

**Magtatapos sa anak ng Aking Puso, Padre Francisco (Francisco Sandler).**

Sila ay kokonsagrahing mga Obispo ngayong kahanga-hangang gabi, na kung saan ang liturhikal na kapistahan ng Banal na Pamilya ay ipagdiriwang.

**Pinakamamahal na maliliit na mga anak: Gaanong buti ang inyong gagawin sa Simbahan! KAYO ANG MAGIGING TERIBLENG MGA OBISPO NA MAGKOKONDENA NG MGA EREHYA AT MGA MALI NG KASALUKUYANG PROGRESIBISMO.** Ihahanda ninyo ang Pagbabalik ni Kristo sa mundo. Kung kaya, kailangan Ko ang Konsagrasyon ng mga Obispo na gawin sa Sagradong Lugar ng Lentisko, sa presensya

ng mga Panggabing Sumasamba at ng iba pang mga kapatid. At sa panahong ang Konsagrasyon ng mga Obispo ay matapos, at ang lahat ay maging legal tulad nang nararapat, hayaang ito ay ilathala para sa kabutihan ng Simbahan.”

#### ***Ika-27 ng Enero 1976***

---

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Habang nakalantad ang Pinakabanal na Sakramento, ang Panginoon ay nagpakita sa Altar kay Padre Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Mahal Kong anak: **Gamitin mo ang iyong kapangyarihan bilang Obispo sa El Palmar de Troya, Maryanong Obispo nitong Huling mga Panahon. Ang lahat ng iyon ay magniningning.**

**Maliit Kong anak, pinakamamahal Kong Obispo, huwag kang mag-alinlangan kahit sandali. Nagsasalita Ako saiyo mula sa Sagradong Eukaristiya. Iniuukit Ko ang Mensaheng ito sa ilalim ng iyong kalooban, isang Mensahe ng kaligtasan para sa Simbahan at sa mundo. Ang mga gora ng Obispo ay dapat na magniningning tulad sa mga amapola sa parang sa Sagradong Lugar na ito. Magtiwala ka, magkakaroon ng maraming mga Obispo.** At sa bandang huli, ang ibang opisyal na mga Obispo sa normal na pinagmulan ay makikiisa saiyo.

**ANG SIMBAHAN AY NAGSISIMULANG BUMANGON MULI NANG BUO NIYANG LAKAS.** Pagdating ng araw, ay mauunawaan ng mundo ang kadakilaan ng El Palmar de Troya: ang Katedra ng Simbahan at ng mundo ay magniningning nang mas pa sa malapit na hinaharap.”

*(Si Padre Clemente ay nakakita ng pinakamakapangyarihang sinag na nanggagaling sa Panginoon.*

**Ang Panginoon ay patuloy na nagsalita:)**

**“KAYO IYONG MGA TINAWAG PARA MULING ITAYO ANG BANAL NA TRADISYON SA SIMBAHAN AT BUHAYIN ANG KALIPUNAN NG MGA OBISPO AYON AT KAISA NG SAGRADONG APOSTOLIKONG KALIPUNAN NA AKING IPINUNDAR SA SIMULA NG AKING SIMBAHAN.** Magtiwala ka! Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay kasama mo. Ang Kanyang Kapa ay pinangangalagan ka, tinatakipan ka, pinapatnubayan ka at pinapastulan ka. Tumawag ka nang walang humpay sa Birheng Maria. Huwag mong kalimutan kahit isang sandali na Siya ay Pastora ng mga Pastol, Pinakamataas na Pastora.”

#### ***Ika-4 ng Abril 1976***

---

*(Sevilla. Si Clemente Domínguez ay nagsalita: ‘Alas 2:00 ng hapon, sa bahay, habang nagdaraos ng Banal na Sakripisyo ng Misa, sa sandaling itinataas ko ang Sagradong Ostiya, ay nagkaroon ako ng sumusunod na lokusyon mula sa Panginoon:’)*

**“Napakamahal Kong anak, Pinakamamahal Kong Obispo: Nais Ko na simula sa sandaling ito ay magsuot ka ng Sagradong Sotana at mga adornong panlabas ng Obispo. Gayundin Aking pinakamakapangyarihang kagustuhan na magdaos ka ng Banal na Sakripisyo ng Misa sa publiko.**

Mahal Kong anak: nakahanda ka bang inumin ang Kalis ng Pasyon kasama ang lahat ng konsekwensiya nito?” *(‘Panginoon! Sa tulong Mo ako ay handa.’ Sagot ni Padre Clemente. Ang Panginoon ay patuloy na nagsalita:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Mahal Kong mga anak: Heto ang Mabuting Pastol muli napapaligiran ng Kanyang mga tupa. Pinakamamahal na maliliit na mga anak: kung ano ang Aking sinabi bago pa man tungkol sa Obispong ito, ang Aking pinakamamahal na anak na si Clemente, sinasabi Ko rin sa inyo lahat: Simula bukas kayo lahat ay magsusuot ng inyong mga sotana at ng inyong mga adorno bilang Obispo. **ANG ORAS AY DUMATING NA PARA IPAGTANGGOL ANG MGA KARAPATAN NG DIYOS.”**

*(Nang araw ding iyon ika-4 ng Abril 1976, alas 8:00 ng gabi, si Padre Clemente Domínguez ay nagdaos ng Banal na Misa sa Lentisko sa El Palmar de Troya, na may mga adorno bilang Obispo, tumalima sa mga kasuguang natanggap mula sa Panginoon sa Mensahe sa itaas. Pagkatapos ng Banal na Misa, na samantalang ang Pinakabanal na Sakramento ay nakahantad, ang Ating Panginoong Hesukristo ay nakita at ibinigay kay Obispo Padre Clemente ang sumusunod na Mensahe. Oras: 11:35 ng gabi.)*

**“Ang oras ng katapangan ay dumating na. ANG MGA DUWAG AY HINDI MAIPAGPAPATULOY ANG GAWAING ITO NG DAKILANG MISTERYO NG EL PALMAR DE TROYA. Kung kaya, pinakamamahal na mga anak, ngayon ay alam na ninyo: ISUOT ANG INYONG MGA ABITO, ANG INYONG SAGRADONG MGA SOTANA, ANG INYONG MGA ADORNO BILANG OBISPO AT MAGDAOS NG BANAL NA SAKRIPISYO NG MISA SA SAGRADONG LUGAR NA ITO.**

**Kalungkutan ang dinaranas noong mga umuusig sainyo! Kalungkutan ang magaganap sa kanila! Lalabanan nila ang Kataas-taasan, dahil ito ay Aking Gawain at hindi sa tao. Hindi rin ito gawa ng demonyo. ITO AY GAWAIN KO: Ang Maryanong mga Apostoles ng Huling mga Panahon na bumubuo sa Kalipunan ng mga Obispo sa El Palmar de Troya, ang teribleng mga Obispo.**

O Pinakamamahal na maliliit na mga anak, ngayon ay kinakailangang magbigay ng patotoo sa inyong apostolado! Subali’t huwag na huwag ninyong insultuhin iyong mga umuusig sainyo! Basbasan ninyo iyong mga umuusig sainyo! Ipagdasal ninyo iyong mga umuusig sainyo! Mahalin ninyo iyong mga umuusig sainyo! At magkaroon kayo ng pagkaawa para sa kanila, dahil sila ay nararapat na kaawaan.

**Pinakamamahal Kong mga Obispo: panatilihin ninyo ang integridad sa Pananampalataya at magturo kayo ng Matatag na Doktrina. Darating ang sandaling, sa lalong madaling panahon, na hindi na ninyo maaaring gamitin pa ang Titulong ‘Romano’. Ang oras ay tumunog na para sa El Palmar de Troya, na magtatatak ng isang napakaespesyal na palatandaan sa Kasaysayan ng Unibersal na Simbahan. Para matagpuan ang mga kaganapang kasing importante tulad ng pinagdadaan ninyo ngayon, ay kinakailangang kayo ay bumalik sa pundasyon ng Simbahan.**

**MULA DITO AY MANGGAGALING ANG MALAKAS NA LALAKENG MAMUMUNO NG SIMBAHAN AT MAGKOKONDENA NG MGA MALI AT MGA EREHYA. ANG KALUWALHATIAN NG MGA OLIBO AY MALAPIT NA PAGKATAPOS NI PABLO VI. ANG OLIBONG PAMALONG ITO AY PAREHONG MAKAPAMUMUNO MULA RITO O MULA SA IBANG BANSA. ANG IMPORTANTENG BAGAY AY ANG INYONG PAGKAKAISA SAAN MAN KAYO NARORON.”**

#### ***Ika-5 ng Abril 1976***

---

*(Ang Pagpapatapon sa Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha. Apostolikong Paglalakbay ng Padre Pundador at Obispo Clemente Domínguez y Gómez at ng mga Obispo, mga Pari at mga Relihiyoso ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha sa iba’t-ibang dako ng Pransya at Switzerland.)*

#### ***Ika-29 ng Abril 1976***

---

*(Si Padre Manuel Alonso at ang iba pang kasapi ng Komunidad ay dumating sa Sevilla sa gabi ng ika-29 ng Abril. Habang kami ang naglalakbay sa iba’t-ibang bahagi ng Pransya at Switzerland, ang lahat ng mga Obispo ng El Palmar ay nakasuot ng kanilang mga kasuotan bilang mga Obispo. Ang Pagtatapos ng Pagpapatapon at Apostolikong Paglalakbay ni Obispo Padre Clemente Domínguez at ng ibang mga kasapi ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha sa iba’t-ibang bahagi ng Pransya at Switzerland.)*

#### ***Ika-29 ng Mayo 1976***

---

*(Si Padre Clemente Domínguez ay bumalik mula sa Pransya sa isang Swisong kotse ZH-292-731, isang Opel Cadet, na minamaneho ni Obispo Padre Pablo Fox at kasama ang tatlong iba pang mga*

Obispo, ang ilan sa kanila ay si Padre Camilo Estévez, at tumawid sa hangganan sa umaga. Si Padre Clemente ay nakaupo sa tabi ng drayber. Ang kotse ay nadulas dahil sa ulan, bumangga sa barandilyang humahati sa gitna ng expressway at bumaliktad.

Si Padre Clemente ay nakatanggap ng mabigat na tama sa bandang itaas ng ilong at sa dalawang mga mata. Si Padre Pablo Fox, ang drayber, ay nakatanggap ng isang hiwa sa ulo na kinailangan ng labing-isang tahi. Si Padre Camilo ay hindi nasaktan. Ang dalawang ibang mga Pari ay nagtamo ng kaunting mga pinsala lamang sa mukha at sa ulo.

Sa ospital, hindi nagtagal pagkatapos na matanggap, ay inalis kay Obispo Padre Clemente ang bola sa kanyang mga mata (eyeballs), dahil ang isa ay nabasag ng lubusan sa tama, at ang isa ay puno ng mga bubog, pintura at iba pa.)

#### ***Ika-16 ng Hunyo 1976***

***(Si Padre Clemente Domínguez ay pinalabas sa Ospital Residencia 'Our Lady of Aránzazu' sa San Sebastian, at bumalik ng araw ding iyon sa pamamagitan ng eroplano sa Sevilla. Sa Residensiya, si Padre Clemente ay nagdaos ng dalawang Misa. Pagtatapos ng Apostolikong Paglalakbay sa Pransya.)***

#### ***Ika-4 ng Agosto 1976***

***(Sevilla. Kapilya sa Mother House. Calle Redes 20. Kapistahan ni Santo Domingo de Guzman. Ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita kay Padre Clemente at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe. Oras: 1:15 ng umaga. Sa pagpapakita ng Panginoon, si Padre Clemente ay sumigaw: "Salamat, Panginoon, sa wakas nakita rin Kita!", dahil ang seer ay hindi Siya nakita sa loob ng mahigit dalawang buwan. Sa kasalukuyan ay nagpakita si Santo Domingo. Ang seer ay patuloy na nagsalita: "Panginoon, alam kong mahalagang makita Ka; subali't nais ko ring patuloy na makita ang mga bagay sa aking paligid pagkatapos!")***

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

"Huwag kang matakot, Aking anak. Makakakita kang muli sa pagdating ng panahon.

**HUWAG ISIPIN NINUMAN NA ANG PALMAR AY NATALO. ITO AY MAS LALONG MASIGASIG KAYSA DATI. DAHIL ANG TAGUMPAY AY NAKUKUHA SA PASYON AT KRUSIPIKSYON. PAGKATAPOS ANG MULING PAGKABUHAY AY DARATING.**

Ang mga kaaway ng Banal na Tradisyon ng Simbahan ay kumikilos laban sa El Palmar de Troya nang buong kapangyarihan nila, DAHIL ALAM NILA NA ANG EL PALMAR AY ANG LIWANAG PARA SA BUONG SIMBAHAN. At sapagka't ang El Palmar ay isa sa kaunting mga lugar kung saan ang pagiging tunay ng Pananampalataya, ng Banal na Doktrina, ay pinangangalagaan. Ngayon ang oras para sa katotohanan para maihayag: INIHAHANDA KO ANG DARATING NA PAPA. BAWA'T HAKBANG. Ngayon ay nagdurusa ka sa Krus na ito. Isa pang mas malaki ay darating pagkatapos. Hanggang, sa bandang huli, ay ibigay mo ang iyong buhay para sa Akin. Kapag ang panahong iyon ng Dakilang Pagkapapa ay dumating, ang Simbahan ay magiging malakas. Ipagtatanggol mo ang Simbahan na Aking ipinundar. IKAW ANG MAGIGING PEDRO SA HINAHARAP; ANG PAPANG PAG-IISAHIN ANG PANANAMPALATAYA AT INTEGRIDAD SA SIMBAHAN; LALABANAN ANG MGA EREHYA NANG MAY NAPAKALAKING KAPANGYARIHAN, SAPAGKA'T HUKBONG MGA ANGHEL ANG TUTULONG SAIYO. Ito ang oras para maging saksi. Ang mga kaaway ay susubuking sirain ka. Mag-ingat, lalo na sa mga kaaway ng kaluluwa. Tutulongan ka ni Maria sa pamamagitan ng Kanyang pananggalang na Kapa. May mga panahon ng malaking kapanglawan para saiyo. Ang kapanglawang iyon: **AY ANG KAPANGLAWAN NG ISANG NAGHAHANDA PARA SA DAKILANG MGA SANDALI. SA KASONG ITO: PARA ISUOT ANG KORONA.**

O lahat na maliliit na mga anak! Anong kadakilaan, iyong sa El Palmar de Troya! Hindi mo pa rin napagtatanto kung ano ang iyong dinaraan.

**EL PALMAR DE TROYA: ANG IKALAWANG HERUSALEM. ANG KALUWALHATIAN NG MGA OLIBO, ANG KADAKILAAN NG PAGIGING PAPA.**

O pinakamamahal na maliliit na mga anak! Dito darating ang mga Kardinal sa hinaharap ng Dakilang Simbahan na papastulan ng Dakilang Papa. Ang Papang maghahari sa pangalang Gregoryo. Ngayon ay alam na ninyo: **SIYA ANG MAGIGING DAKILANG PAPA GREGORYO, ANG KALUWALHATIAN NG MGA OLIBO.** Ang Papa na, maliban sa dugong Espanyol, ay may dugong Pranses at dugong Hudyo. Ang palaisipan sa darating na Dakilang Papa ngayon ay maliwanag na . Heto siya: **ANG DAKILANG PAPA GREGORYO.** Nguni't, gayunman, siya ay kinakailangang maging matatag sa lahat ng panahon sa pagsunod sa Aking Kalooban, sapagkat't kung hindi ang mga grasya ng pagiging Papa ay ipapasa sa iba. Walang sinumang hindi maaaring wala dito sa mundo. Kayo lahat ay pobreng mga walis. Kapag ang isang walis ay wala nang silbi, ito ay itinatapon at pinapalitan ng bago. Subali't ang mga deboto ng El Palmar de Troya ay kinakailangang malamang sila ay nabubuhay kasama ang Papa sa hinaharap: **ANG PAPA NA AALISIN ANG PANGALANG CLEMENTE PARA DALHIN ANG BAGONG PANGALANG GREGORYO.** Gaano karaming mga huwad na Gregoryo ang darating para labanan ka! O pinakamamahal na anak: Nalulungkot Ako sa mga pagdurusang papasanin mo sa iyong Misyong bilang Papa.

**ITO NA ANG HULING MGA PANAHO, AT KAYO ANG MARYANONG MGA APOSTOLES.**

**ANG PINAKABANAL NA BIRHENG MARIA, ANG PINAKAMATAAS NA DOKTORA SA LAHAT NG MGA DOKTOR.**

At tungkol sa pagiging doktor: **ANG SANDALI AY DUMATING NA PARA IHANDA ANG ISANG IMAHEN SA KARANGALAN NG PINAKABANAL NA BIRHENG MARIA SA ILALIM NG TITULO NG DOKTORA;** na ilalagay sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya.

Dapat ito ay isang malaking Imahen, tulad ng Divina Pastora, nguni't sa loob ng inyong propyedad. Kapag ang Imahen ng Pinakabanal na Birhen sa ilalim ng titulo ng Doktora ay nailagay na sa El Palmar de Troya, ang Kalipunan na ito ng mga Obispo ay makatatanggap ng turo para makapagturo sa iba. At gaano karaming may mababang-loob at mangmang na mananampalataya, na sa pagluhod sa harap ng imaheng ito... ay makatatanggap ng mga turo ni Maria bilang isang ina! **KAYO ANG AKING TUNAY NA MGA OBISPO."**

#### ***Ika-5 ng Septyembre 1976***

*(Sevilla. Kapilya sa Mother House. Oras: 8:45 ng umaga. Aparisyon at Mensahe kay Padre Clemente Domínguez:)*

#### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

"Aking mahal na mga anak: teribleng kalungkutan ang darating sa Simbahan at sa mundo. Mas maraming panalangin at penitensiya, pagpapakasakit sa mga pandama, buhay ng pagsasakripisyo, buhay ng total na pangako, sa katawan at kaluluwa, sa gawain ng muling pagtatayo ng Banal na Tradisyon sa Simbahan. Ang malaking desolasyon sa daan ay mapapahupa lamang ng panalangin, penitensiya, pagpapakasakit at pagsasakripisyo. **ISANG MALAKING BAGYO AY NASA BUNGAD PARA SA SIMBAHAN.** Magiging parang ang Barko ni Pedro ay lumulubog. Subalit sinusustinihan Ko ang Barko, isinasakatuparan Ko ang Aking pangakong pagtulong hanggang sa matapos ang panahon. **KAYO, MGA KASAPI NG ORDEN NG CARMELITAS NG BANAL NA MUKHA, AY IYONG TINAWAG PARA TULUNGAN ANG SIMBAHAN, AT SA GAYON ANG AKING PANGAKO AY MATUPAD.** Kayo ay bahagi ng pangakong ito na pagtulong sa Simbahan. **KASAMA AKO ANG CARMELITAS NG BANAL NA MUKHA AY SINUSUSTINIHAN ANG BARKO NI PEDRO, PARA ANG BARKO AY HINDI LUMUBOG SA ILALIM NG MGA ALON."**

#### ***Ika-7 ng Septyembre 1976***

*(Sevilla. Kapilya sa Mother House. Oras: 11:30 ng gabi. Makaraan ang Pagreserba ng Kanyang Kamahalan, ang Pinakabanal na Birheng Maria, sa ilalim ng titulo ng Divina Pastora, ay nagpakita kay Padre Clemente Domínguez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Divina Pastora**

“Aking mahal na anak: **ANG BAGONG PANAHOON AY NAGSISIMULA SA KASAYSAYAN NG SIMBAHAN.** Itong Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay ang Orden na nakatalaga sa pagperpekto sa mga tradisyonalista sa Huling mga Panahong ito. **HINDI MAGTATAGAL KAPAG ANG ESPIRITU SANTO AY PUNUIN KAYO NG KARUNUNGAN AT MGA GRASYA AT MGA KATANGIAN, KAYO AY IPADADALA PARA MANGARAL SA LAHAT NG DAKO.”**

#### **Ika-20 ng Enero 1977**

*(Sevilla. Mother House. Oras: 11:40 ng umaga. Ang Birheng Maria ay nagpakita kay Obispo Primado Padre Clemente at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria**

“Aking mahal na mga anak: **KINAKAILANGAN, LUBOS NA KINAKAILANGAN, NA SIMULA SA SANDALING ITO ANG LAHAT NG INYONG MGA PANGALAN AY PALITAN,** bilang tanda ng banal na pagtalima at kababaang-loob at pagtalikod sa mundo; umpisasa Padre Heneral, na simula sa sandaling ito ay tatawaging Padre Fernando. At si Padre Manuel ay tatawaging Padre Isidoro. Si Padre Camilo ay tatawaging Padre Leandro. Si Padre Francisco ay tatawaging Padre Fulgencio. Si Padre Jaime ay tatawaging Padre Justo.”

#### **Ika-3 ng Pebrero 1977**

*(Sevilla. Mother House. Oras: 5:00 ng umaga. Lokusyon ng Birheng Maria kay Padre Fernando:)*

#### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria**

“Aking mahal na mga anak: **ANG DAKILANG PENTEKOSTES NG APOKALIPTIKONG MGA PANAHOON AY PAPALAPIT NA. ANG ARAW NA IYON AY NAPAKALAPIT NA. KAPAG ANG BAGONG PENTEKOSTES NA ITO AY DUMATING, MAMAMANGHA SAINYO ANG MUNDO.** Gaano kadaming mga plano mayroon ang Diyos para sainyo! Kayo ay Aking mga Apostoles, ang pamosong Maryanong mga Apostoles ng Huling mga Panahon, na tinutukoy ni San Luis Maria Grignon ng Montfort.”

#### **Ika-31 ng Mayo 1977**

*(Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya. Habang ginagawa ang Prusisyon ng Ating Ina ng El Palmar Koronada, na isinasagawa tuwing ika-30 ng buwan, nag-umpisa na ang ika-31, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita kay Obispo Primado Padre Fernando; pagkatapos, si Haring San Fernando ay nagpakita. Ang Birheng Maria ay ibinigay sa seer ang sumusunod na Mensahe:)*

#### **Ang Pinakabanal na Birheng Maria**

“Aking mahal na mga anak: **ang mundo ay hindi napagtatanto ang kahalagahan ng Sagradong Lugar na ito, kung saan ang Dakilang Papa at Dakilang Imperyo, ang Imperyo ni Kristo, ay pag-iisahin.** Ang Papa ng Kaluwalhatian ng mga Olibo na ito sa hinaharap, kasama ang Krus, ay dadalhin ang ispada, at muling itatayo ang kaayusan sa ibabaw ng mukha ng mundo. Sa gayon kinakailangan niya pa ring pagdusahan ang krus ng pagiging bulag, para lalo pang patibayin at gawing perpekto ang kanyang sarili para sa dakilang Imperyo at gawain bilang Papa na darating sa kanya sa kanyang araw. **ISANG DAKILANG PAPA, NA MAGIGING ISANG DAKILANG CAUDILLO, MAGTATAGUMPAY LABAN SA**

**MGA KAAWAY NI KRISTO; ISANG PINILING CAUDILLO, NA LALABAS PARA HARAPIN ANG MARXISMO AT PUTULIN ANG MGA PANGBEBENTAHE NITO.** Gaano kadakilang lugar ito, El Palmar de Troya! At ang mundo ay hindi napagtatanto! Ang lahat ay kinakailangang maunawaan ang kahalagahan ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, **ANG PINAKADAKILANG ORDEN NA PALAGING NAMAMALAGI**, dahil pinag-isa niya ang mabuting mga aspeto ng iba't-ibang mga Orden, na ngayon ay pabaya na."

**Ikasiyam na Apostolikong Paglalakbay ni Obispo Primado  
Padre Fernando sa Amerika**

*(Klaripikasyon para sa mga deboto: Bilang Padre Fernando, tulad ng ipinangalan sa kanya, siya ay napiling Papa ng Ating Panginoong Hesukristo noong ika-6 ng Agosto 1978 sa Santa Fe de Bogotá, Colombia, subali't gumawa ng mas malaking bahagi ng apostolado sa Amerika habang siya ay Obispo Primado ng El Palmar de Troya, ay gagamitin natin ang kanyang dating pangalang Padre Fernando, hanggang dumating tayo sa petsa sa itaas kung saan ang kanyang Pagkakapili bilang Papa at Koronasyon ay naganap.)*

**Ika-19 ng Hunyo 1978**

*(Sevilla. Ang Panginoon ay inutusan si Padre Fernando na pumunta sa Amerika. Umalis sa pamamagitan ng eroplano sa Sevilla ng alas 8:40 ng gabi, kasama ng mga Obispong sina: Padre Isidoro, Padre Abraham, at tatlong iba pa.)*

**Ika-6 ng Agosto 1978**

*(Santa Fe de Bogotá, Colombia. Oras: 8:45 ng gabi: Kapistahan ng Transpigurasyon ng Ating Panginoong Hesukristo. Noong ika-6 ng Agosto sa taong 1978, habang si Obispo Padre Fernando (Clemente Domínguez y Gómez, sa mundo), ay nagsasakatuparan ng isang misyong iniutos ng Panginoon sa lungsod ng Santa Fe de Bogotá, Colombia, ay naganap ang malungkot na kamatayan ng Ating Pinakabanal na Padre, Papa Pablo VI, na naghahari hanggang noon. Ang Pinakamamahal na Dakilang Papa Pablo VI, pinakamamahal ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, ay namatay bandang 21:40 oras sa Espanya, 2:40 ng hapon sa Colombia. Nang araw ding iyon ika-6 ng Agosto, sa Kapilya ng Monasteryo ni San Jose, hindi pa natatagalang ipinundar sa Santa Fe de Bogotá, Carrera 5 A 10-34 Sur, ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagpakita, nasa Kanyang kanan at kaliwa, ang mga Apostoles na sina San Pedro at San Pablo, mga 20:45 oras sa Colombia, katumbas ay 3:45 ng madalng araw ng 7-8-1978 sa Espanya.)*

**Ang Ating Panginoong Hesukristo ay nagsabi:**

**"Habémus Papam!"**

*(At saka, ang Panginoon ay tinanong si Obispo Padre Fernando:)*

**"Minamahal mo ba Ako? (Opo, Panginoon, minamahal kita", sagot ni Padre Fernando.)**

*Ang Panginoon ay sinabihan siya:)* **"Pastulan mo ang Aking kawan."**

*(Muli, ang Panginoon ay tinanong siya:*

**"Minamahal mo ba Ako? (Opo, Panginoon, minamahal kita. Alam Mong mabuti iyon.)"**

**"Pastulan mo ang Aking kawan."**

*(At sa pangatlong pagkakataon ang Panginoon ay tinanong siya:)*

**"Minamahal mo ba Ako higit sa lahat?" (Opo, Panginoon, alam Mo ang lahat, na minamahal kita.)"**

**"Pastulan mo ang Aking kawan."**

*"Aking mahal na anak: ngayon, kasama ng mga Apostoles na Pedro at Pablo, ay ipuputong ko saiyo ang Sagradong Tiyara." (Ang Panginoon ay mistikal na inilagay ang Korona ng Papa sa ulo ni Padre Fernando, at saka ibinigay sa kanya ang Tungkod ng Papa. Ang Panginoon ay patuloy na nagsalita:)*

*“Aking mahal na anak, Aking pinakamahal na Bikaryo, tingnan mo ang katuparan ng mga propesiya. **ANG MARTIR NG BATIKANO, ANG DAKILANG MARTIR, AY NAMATAY.** Ang Simbahan ay magpapatuloy sa pagsulong sa pamamagitan ng El Palmar de Troya. Perpekto niyang nalalaman ang kanyang tunay na Kahalili. **PAPA GREGORYO, ANG KALUWALHATIAN NG MGA OLIBO.** Siya ay lubos na nasiyahan noong ika-24 ng Mayo, kapistahan ni Maria Auxiliadora, sapagka’t nakilala niya ang kanyang Kahalili. Doon ay nakita niya ang Simbahang matiwasay.*

May malaking kasiyahan sa Langit sa araw na ito ng Transpigurasyon sa Bundok ng Tabor. Ngayon ang Bundok na tinatawag na Kristong Hari ay natranspigura sa Bundok ng Tabor dahil sa kadakilaang matatamo ng Simbahan sa panahong ito ng apokaliptiko, sa panahong ito ng mga katakumba. Nakikita mo na ngayon ang Simbahan ng Ating Ina ng El Palmar Koronada na itinatayo, binubuo sa materyal, na ispiritwalmente ay ang Simbahang nabubuhay sa desyerto, ang Simbahan sa El Palmar de Troya.

**ANG PAGHAHARI NG KALUWALHATIAN NG MGA OLIBO AY NAGSIMULA NA.**

**NGAYON AY ISANG DAKILANG ARAW, ANG ARAW NA KUNG SAAN IKAW AY BINIGYAN NG KATUNGKULAN NG ISANG PAPA, SA KAPISTAHANG ITO NG TRANSPIGURASYON SA BUNDOK NG TABOR, AKMA SA BANAL NA MUKHA NG ORDEN NA KUNG SAAN AY IKAW ANG PUNDADOR AT PADRE HENERAL.** At sa lungsod na ito, na bininyagan ng mga Espanyol ng pangalang Santa Fe, na ang anibersaryo ay ngayon. Ang mga bagay na ganito ay hindi nagkataon, subali’t probidensiyal, para ang may mababang kalooban at simpleng puso ay makaunawa nang mas mabuti.

Sa madaling panahon ay maghahanda sila ng conclave sa Roma, kung saan ang antipapa ay pipiliin. Ang saiyo ay magiging isang malaking pakikipagbaka. Dagdag pa, ikaw ay kinakailangang lumaban kontra sa mga progresibista at kontra sa matinding mga tradisyonalista, na magkakaroon din ng kanilang lider. Ito ay magiging malaking pakikibaka, Tanging ang simple at may kababaan sa puso ang kikalala sa isa na siyang tunay na Papa: **PAPA GREGORYO XVII.**

**ANG DAKILANG PAGIGING PAPA NG KALUWALHATIAN NG MGA OLIBO AY NAGSIMULA NA.** Ang Papang inihayag ng maraming mga mistiko, sa maraming mga propesiya. Ang Papa na sa kanyang sarili ay nag-uugnay ng Ispanikong dugo, ang nobleng dugo ng Espanya, na may tunay na dugo ng Pranses, at may dugo ng pinilng mga tao, ang mga hudyo. Tingnan ang dakilang kaluwalhatian. Hindi siya mag-aantala ng matagal bago itaas ang ispada at isagawa ang misyon ng Emperador, ng Dakilang Monarkiya. Ang lahat ay darating sa tamang panahon.

Ibinalita rin sa nakaraang mga popesiya kung paano ang pagpili ng Papang ito ay mangyayari: **ITO AY SA PAMAMAGITAN NG DIREKTANG INTERBENSIYON NG MGA APOSTOLES NA SINA SAN PEDRO AT SAN PABLO.** Walang ibang paraan para kontrahin ang opisyal na pagpili sa pamamagitan ng conclave sa Roma, kung saan ang antipapa ay lilitaw.

**ANG PAMUNUAN NG SIMBAHAN NGAYON AY NAKAUGAT NA SA EL PALMAR DE TROYA, AT NATURAL SA SEVILLA, ANG LUPA NI MARIANG PINAKABANAL, DOON NA ANG BAGONG ROMA.’**

*(Ang presente sa pag-akyat sa pagiging Papa ni Papa Gregoryo XVII at sa kanyang koronasyon ng Ating Panginoong Hesukristo, sa tulong ng mga Apostoles na sina San Pedro at San Pablo, ay: ang mga Obispo ng El Palmar de Troya: Padre Isidoro, Padre Leandro, Padre Abraham at apat na iba pang mga Obispo; walong ibang mga Relihiyoso ng Orden mula sa Monasteryong ipinundar sa Santa Fe de Bogotá, ang Kapelyang hindi pa natatagalang inordinahang Pari; ang Pinakareberendang Madre Heneral ng mga Madre ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha; Madre Dolores, Madreng galing sa Sevilla na dumating kasama ang Madre Heneral sa Colombia para sa pundasyon ng Kumbento; tatlong iba pang mga Madre mula sa pundasyon, at isang grupo ng mga debotong mananampalataya ng El Palmar de Troya. Pagtatapos ng Apostolikong Paglalakbay sa Amerika.)*



**Pagdating ni Papa Gregoryo XVII sa El Palmar de Troya.**  
**Ang Paglipat ng Apostolikong Pamunuan ng Simbahan mula sa Roma**  
**tungo sa El Palmar de Troya via Santa Fe de Bogotá**

**Ika-9 ng Agosto 1978**

*Ang Dakilang Papa, Papa Gregoryo XVII, ay dumating sa Sevilla mula sa Colombia noong ika-9 ng Agosto 1978, at bandang alas 9:00 ng gabi ay naglakad sa **sagradong paligid ng El Palmar de Troya**. Sa harap ng Divina Pastora ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita sa kanya at nagbigay sa kanya ng isang Mensahe. Pagkatapos ay nagbigay siya ng Basbas ng Papa sa lahat ng naroon. Si Padre Isidoro ay sumigaw: “Habemus Papam!” At tatlong ulit: “¡Viva el Papa Gregoryo XVII!” Ang lahat ay sumagot ng “¡Viva!” at malaking pagbunyi para sa bagong Dakilang Papa. Ilang sandali ang lumipas, ang lahat ng mga Obispo, mga Relihiyoso at mga Madre ng Orden, at mananampalataya sa El Palmar, ay humalik sa mga paa at singsing ng bagong Papa bilang tanda ng pagtalima at pagpapasailalim. Habang si Papa Gregoryo XVII ay nagdarasal sa harap ng Imahen ng Divina Pastora kasabay ang lahat ng mga Obispo, mga Relihiyoso, mga Madre at mananampalataya ng El Palmar, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe:)*

**Ang Pinakabanal na Birheng Maria**

“Aking pinakamamahal na anak: **ANG MUNDO AY MANGINGINIG SA HARAP NG MATAGUMPAY NA ISPADA NG DAKILANG PAPA GREGORYO XVII. ANG DAKILANG IMPERYO AY PAPALAPIT: ISANG MATAMIS NA GINTONG PANAHOON ANG NAGSIMULA SA ESPANYA.** Hindi magtatagal maraming mga Pari, mga Prayle, mga Madre at mananampalataya ng Espanya ay makikiisa sa Papang ito; kapag nakita na ng mga Espanyol ang ugali ng antipapang iluluklok sa Roma, at kapag nakita na ng mga Espanyol ang mga Marxist na inaatake ang ispiritwal at nasyonal na mga pagpapahalaga; doon sila ay magiging kumbinsido na ang Espanya ay nagkakanlong ng Matamis na Kristo sa Mundo.

Ito ang Arko ni Noe, itong pinagpalang parang ng El Palmar de Troya. Narito ang desyertong tinuran sa mga propesiya, na kung saan ang Dakilang Papang ito ay madalas na ipinangangaral. Walang duda na nauunawaan niya nang perpekto ang misyon ng El Palmar de Troya. Ang Simbahan ay pumunta sa desyerto. Narito ito, sa desyerto ng El Palmar de Troya. Sa labas nito, ang tunay na Simbahan ay hindi posible.”

**Ika-15 ng Agosto 1978**

*(Sevilla. Kapistahan ng Pag-akyat sa Langit ng Pinakabanal na Birheng Maria. Sa memorableng araw na ito, at sa lungsod ng Sevilla, Calle Redes 11, ang Seremonya ng Pinakasolemneng Nakikitang Koronasyon ng Kanyang Kabanalan Papa Gregoryo XVII ng mga Obispo Padre Isidoro, Padre Elias, Padre Leandro at Padre Fulgencio, ay naganap. Ang Koronasyong ito ay ginawa sa pagtupad sa sugo ng Pinakabanal na Birheng Maria sa Mensahe noong ika-9 ng Agosto 1978. Ang Seremonya ay nagsimula bandang alas tres ng madaling araw na iyon ng ika-15 ng Agosto. Ang lahat ng mga Obispo, mga Pari, mga Prayle at mga Madre ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay presente, na may napakaraming bilang ng mga mananampalatayang nagrepresenta ng iba’t-ibang mga probinsiya sa Espanya at maraming mga Bansa sa Europa, at gayundin sa Amerika, na dumating sa perigrinasyon para maging presente sa napakasolemneng kaganapang ito.)*

**Ika-3 ng Septyembre 1978**

*(Sevilla. Banal na Apostolikong Pamunuan. Mother House ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, Redes 20, Sevilla, oras: 7:40 ng Umaga. Ang Kanyang Kabanalan Papa Gregoryo XVII ay inilarawan ang kanyang bisyon: “Ilang sandali ang nakalipas, isang mistikal na pangyayari ang naganap sa akin na mayroon lamang pagkakapareho sa bisyon ko noong ika-9 ng Agosto sa El Palmar, sa harap ng imahen doon ng Divina Pastora.*

*Pagkatapos ng pambihirang bisyon, agad kong naramdaman, ganoon din sa hindi maipaliwanag na paraan, sa pamamagitan ng makapangyarihang mga sinag, na pumuno sa buo kong pagkatao, ang sumusunod na Mensahe ay ibinigay ng Ating Panginoong Hesukristo.”*

### **Ang Ating Panginoong Hesukristo**

“Aking pinakamamahal na Bikaryo: **Sa pagkamatay ng Aking pinakamamahal na Bikaryo Pablo VI, ang paglipad ng Papa ay natupad; unawain mong ang paglipad ay pag-alis; AT SA PAG-ALIS NA IYAN, ANG ROMA, ANG DAKILANG PROSTITYUT SA HULING MGA PANAHON, AY NATAPOS NA BILANG KABISERA NG KRISTIYANIDAD; DAHIL ANG BAGONG ROMA AY ANG SAGRADONG LUGAR NG EL PALMAR DE TROYA, NA KUNG SAAN AY NAGING TUNAY NA KABISERA NG KRISTIYANIDAD,** isang katayuang probisyonal na hinawakan ng Sevilla dahil, pansamantala, diyan kung saan ang Dakilang Papa, Nakikitang Namumuno sa Simbahan, ang Aking pinakamamahal na Bikaryo Papa Gregoryo XVII, ay nakatira.

Tinuran sa propesiya: ang Papa ay tatakas at pupunta sa Espanya. Ang propesiya kung ganoon ay natupad sa isang misteryosong paraan. Si Pablo VI, Papa, ay napilitang umalis sa Roma sa pamamagitan ng kanyang madaliang kamatayan; na kung saan si Pablo VI ay sinaraduhan ang Kasaysayan ng Papa sa Roma. Si Gregoryo XVII, Papa, ay nagsimula ng Kasaysayan ng Papa sa El Palmar de Troya, na magiging isang Pamunuang naglalakbay patungo sa Herusalem, ang lugar kung saan ay ipinundar Ko ang Simbahan, at kung saan ay pupunta Ako para salubungin ang huling Papa para kunin muli ang mga Susi.”

## Ilang mga propesiya tungkol sa Dakilang Papa Gregoryo XVII

### ***Ang Dakilang Papa at Emperador:***

Ang Papang ito, at agad Caudillo militar at Emperador, pinili ng Diyos para gawin ang isang kahanga-hangang misyon sa Simbahan at sa mundo, ay napapaloob sa kanyang pagkatao ang isang malalim na apokaliptikong misteryo. Kung pag-aaralan natin ang mga propesiya sa Sagradong Ebanghelyo, kung iaanalisa natin ang Apokalipsis, kung gugunitain natin ang iba't-ibang mga rebelasyong ibinigay sa maraming mga santo at mga mistiko, maliwanag at hindi magkakamali ay matatagpuan natin ang repleksiyon at katangiang mga tampok na tumutukoy sa dakila at mistikal na pagkatao ni Papa Gregoryo XVII, *"De Glória Olivæ"*, ang Papa ng Krus at ng Ispada, na, sa tulong at kapangyarihan ng Diyos, ay nagkaroon ng matayog at mahirap na misyon ng pagbabalik ng kaayusan sa Simbahan at sa mundo. Walang isa man ang nakapigil sa kanya, dahil siya ay pinili ng Diyos na Kanyang maging instrumento, aktibo, bayolente at mapanira sa mga kaaway ng Simbahan. Ang karamihan sa mga kardinal, mga Obispo at mga pari ay nag-apostata, ang naghaharing Papa ng panahon, San Pablo VI, ay isang inosenteng biktima ng freemasonry at komunismong nagpapatakbo na ng Simbahan. Ang Papa ay dinudroga; siya ay isang prisoner sa loob ng pader ng Batikano, hindi makagawa o makadesisyon ng kahit na anong bagay maliban sa kung ano ang nais ng mga kaaway ng Simbahan. Ang tunay na doktrina ay adulterado. Ang Banal na Sakramento ay sinalaula. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay binalewala. Tayo ay humarap sa unang pangkalahatang pag-apostata sa Huling mga Panahon. Tanging isang lugar ng kaligtasan ang naiwan: El Palmar de Troya, liwanag at balwarte ng Pananampalataya, imbakan ng Banal na Tradisyon, seminaryo ng tunay na doktrina, altar kung saan ang isang tunay na sakripisyo ng Misa ay iniaalay sa itaas. Sa labas ng El Palmar de Troya, ang kadiliman, kalituhan at kamalian ay naghahari.

Ang Pinakabanal na Birheng Maria, sa pamamagitan ng Kanyang mensahero, ay sumisigaw nang walang humpay mula sa desyerto ng El Palmar de Troya, ngayon ay tinatawag na Bundok ni Kristong Hari. Inihayag Niya ang teribleng mga parusa: atomikong digmaan, mga digmaang sibil, lindol, lahat ng uri ng desolasyon. Ang Galit ng Kataas-taasan ay nasa punto na ng pagpapakawala nito sa napakasamang sangkatauhan sa isang walang habag na paraang hindi pa naganap sa nakaraan. Ang mga kaluluwa ay kinakailangan upang isakripisyo. Tanging taimtim na panalangin at penitensiya ang makakapagpahupa sa malaking kapahamakan.

Ang Apokalipsis ay naglarawan sa Roma sa araw na may simple at liwanag ng Kristal na katumpakan na sinasabing ang Dakilang Puta, nakaupo sa pitong burol, sa kanyang kamay ay dala ang isang tasang puno ng pagkasuklam at kalaswaan ng kanyang pornikasyon. Ang lungsod na sa simula't-simula ay nagi nang sentro ng Kristiyanidad ay noon ay naging pugad ng maruming mga putakti. Ang freemasonry at komunismo ay nakaakyat na sa pinakatuktok ng Simbahan at inukupa ang pinakamataas na mga posisyon; wala nang maaasahan pa sa Roma simula ngayon maliban sa kalapastangan sa Diyos, kasamaan at kamalian. Ang tunay na Simbahan ni Kristo ay nasa El Palmar de Troya, Pamunuan ng Tunay na Papa, ngayon ang Kanyang Kabanalan Papa Pedro III. Sa El Palmar de Troya, ang pangako ni Kristo ay isinakatuparan na mananatili sa Kanyang Simbahan hanggang sa katapusan ng panahon.

### **Santa Catalina ng Racconigi (1486-1547)**

Sa kanyang mga bisyon ay nakita niya ang pagdating ng mga parusa at ang darating na pagbabago ng Simbahan, nakita niya na kung saan siya ay napasigaw: ***"Ang patuloy na paghihirap na naghihintay sa mga Klerigo, dahil ito ang magiging huli, ay magiging mas malubha kaysa sa iba."***

Siya ay nagkaroon ng isang bisyon sa Huling mga Panahon: Dagli ay natagpuan niya ang kanyang sarili na nakasakay sa isang barko na nanganganib sa isang maalong dagat at napuwersa ng salungat na hangin patungo sa batuhan; sa bawa't sandali ang Barko ni San Pedro ay maaaring lumubog. Si San Pedro ay hindi tumitigil sa pagtingin sa barko, samantalang maraming mga pasahero ang nangawala sa dagat, at ang barko ay patuloy na naglayag na pinapatnubayan ni San Gregoryo, tinutukoy si San Gregoryo XVII ang Napakadakila. Tungkol sa ekstraordinaryong gawain nitong Dakilang Papa ng Huling mga Panahon, si Santa Catalina ay naghula: ***“Walang magiging kumpleto o perpektong Konseho hanggang sa pagdating ng Banal na Papang ito, hinihintay para sa pagbabago ng Simbahan sa hinaharap.”*** Nagkaroon siya ng bisyon na ito bago siya mamatay.

### **Arnoldo di Wion**

Ang Benediktong Monghe na ito, mga taong 1600, ay inilathala ang bantog na “Mga Propesiya ni San Malaquias” tungkol sa mga Papa, at nagpropesiya na ang Dakilang Papa ng Huling mga Panahon ay tatawaging Gregoryo XVII. Hanggang sa taong 1600, ay mayroon lamang labing-apat na mga Papa na may pangalang Gregoryo. Sina Gregoryo XV at Gregoryo XVI ay hindi pa naghahari.

### **Ang Mistikang si Maria Nieves Holgado**

Siya ay ipinanganak sa taong 1904 sa probinsiya ng Navarre, Espanya, at milagrosong gumaling sa Lourdes sa taong 1926; sa taong 1936 ay nagsulat siya na ang Dakilang Papa ay tatawaging Gregoryo XVII.

### **Isang Madreng Mistika ng Salamanca**

Sa taong 1954 ay humula siya na ang Dakilang Papa ay tatawaging Gregoryo XVII.

### **San Amadeo de la Tour**

*(Ipinanganak sa Turin, Italya. Obispo ng Sion sa Swiss Canton ng Valais (1163-1168))*

Si San Amadeo de la Tour ay nag-iwan ng isang napakaimportanteng propesiya tungkol sa Dakilang Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila: ***“Isang Pastol na pinakamamahal ng Diyos at pinili ng Diyos sa tamang panahon ay papasok sa Templo at paaalisin ang mga mamimili at mga nagtitinda. Lilinisin at ireperorma niya ang Simbahan. Siya ay babasbasan ng basbas ni Jacob, dahil siya ay magiging tunay na Bikaryo ng Simbahan ni Hesukristo. Lilinisin niya ang mundo sa napakaraming mga mali. Ituturo niya ang lahat ng sekreto na nakatago pa hanggang ngayon: tungkol sa Diyos, tungkol sa mga Anghel at tungkol sa Uniberso... Ang Pastol na ito ay magiging katulad ni Haring David; dahil sa parehong paraan kung paano iniba ang anyo ng huli ang sinaunang Herusalem, ang nauna ay iibahin din ang anyo ng Simbahan. Ang Panginoon ay ibibigay sa kanya ang Kanyang grasya at ang Kanyang mabuting pagpapasiya. Ang Pastol na ito ay malinaw na ipahahayag ang kadakilaan ng Diyos, ipahahayag sa bawa't isa ang mga misteryo na hanggang sa mga panahong iyon ay lingid. At ang lahat ng tao ay makikinig sa kanyang boses... Ipadadala niya ang kanyang mga apostoles saan mang dako para pangalagaan ang mga tupa ng kawan. Makaraang magdala ng kapayapaan sa mundo, siya ay magpoproklama ng kalooban ng Diyos sa lahat; at ang lahat ng tao ay mabubuhay sa katotohanan, kadalisayan sa pananampalataya at takot sa Diyos. Ang Pananampalataya sa Panginoon ay maghahari sa buong mundo.”***

Ang Pranses na autor at editor na si Michel Servant

Sa kanyang tatlong volume na aklat na may pamagat na “*Veillez et priez, car l’heure est proche*”, ay tinipon niya ang mga propesiya mula sa iba’t-ibang panahon tungkol sa Huling mga Panahon, at nagtapos sa kabanata tungkol sa Dakilang Papa na nagsasabing: **“*Ang darating na Dakilang Papa ay makikilala lamang sa mundo pagkatapos ng malaking mga parusa. Sa lahat ng mga kaganapan, wala pang nakakikilala sa kanya sa kasalukuyan maliban doon sa kung kanino nais ng Diyos na ihayag.*”**

#### **Santa Ana Catalina Emmerick. Madre, Doktora, Dakilang Mistika, Istigmatiko, Ispiritwal na Martir**

*(Ipinanganak sa Dülmen, Westphalia, Alemanya noong ika-8 ng Septyembre 1774)*

Nagbigay siya ng napakadetalyadong mga paglalarawan ng maraming mga kaganapan sa hinaharap sa Katolikong Simbahan, higit sa lahat tungkol sa pakikipaglaban ng Impiyerno at ng freemasonic lodges kontra sa isang Tunay na Simbahan. Hinulaan niya ang mga apokaliptikong mga kaganapan: ang kasamaan ng mga pari, ang teribleng pagdurusa, pagiging martir at kamatayan ni Papa San Pablo VI, dahil sa persekusyong pakana ng mga prelado mismo sa Batikano, pagkakanulo ng karamihan sa mga pari, ang satanikong pagbabago sa Liturhiya, ang kamunduhan ng mga prayle at mga madre, at bilang konsekwensya ang pangkalahatang pag-apostata at pagbagsak ng romanong simbahan. At sa parehong pagkakataon ay hinulaan niya rin ang pagpapatuloy ng tunay na Simbahan sa El Palmar de Troya sa pagkakapili ni Kristo kay Papa San Gregoryo XVII, at pinuri ang dakilang tapang, apostolikong sigasig at kahanga-hangang turo nitong maluwalhating Palmaryanong Dakilang Papa, gayundin maraming iba pang transendenteng mga kaganapan sa Huling mga Panahong ito: mga digmaan, mga parusa, ang mga mabangis na pagsalakay ng antikristo bilang tao at ang kanyang mga kakampi laban sa mga puwersa ni Kristo, at ang extraordinaryong Pagtatagumpay ng Palmaryano Katolikong Simbahan.

#### **San Juan Bosco, Pari, Relihiyoso, Pundador, Patriarka, Doktor, Dakilang Mistiko**

*(Ipinanganak sa Becchi-Asti, Italya noong ika-16 ng Agosto 1815)*

Sa isa sa kanyang pinakatransendenteng propetikong mga panaginip, nakita ni San Juan Bosco ang Barko ni Pedro, kung saan ang Papa ay nasa timon, sa gitna ng isang malaking bagyo. Mula sa Barko malaking bilang ng mga nakasakay ay nahulog sa kailaliman. Dagli ay nakita niyang ang Papa ay namatay, at sa parehong pagkakataon isa pang Papa ang tumayo, na hinawakan nang mahigpit ang timon, pinatnubayan ang Barko at inangkla ito sa pagitan ng dalawang haligi: ang Eukaristiya at si Birheng Maria. Sa pamamagitan ng panaginip na ito ay nagpropesiya siya tungkol sa pag-apostata ng Romanong Simbahan, sa kamatayan ni Papa San Pablo VI sa mga kamay ng taksil na mga kardinal at mga Obispo, at ang pagtaas sa pagiging Papa ng Maluwalhating Palmaryanong Papa San Gregoryo XVII, na galing sa Apostolikong Pamunuan sa El Palmar de Troya ay ginawang ligtas ang Simbahan sa pamamagitan ng kanyang Dalubhasang Doktrina at matibay na Disiplina, sa kanyang mga reporma sa liturhiya at pagpapanumbalik sa tunay na Pagsamba sa Diyos.